# Ang Pangitain Ni Juan Sa Patmos

Jeffersonville, Indiana, USA

Desyembre 4, 1960

1 Habang nag-aanunsyo kanina si Brother Neville, na . . . Ikinukuwento ni Brother Moore ang tungkol sa pagpasok ng Espiritu ng Panginoon sa gusali nung isang araw. Aniya, "Naging napakatindi Niyon du'n sa loob na akala ko dumating na ang pag-agaw." At sabi pa niya, "Lumingon ako sa paligid at nakita ko ang ibang nakaupo ro'n," ang sabi niya, "Hindi, hindi pa dumarating, dahil kung naririto pa sila alam kong naririto pa rin ako." Sa makatuwid minsan ay nagiging ganu'n kainam ang Espiritu ng Panginoon sa atin.

2 Nagagalak tayong makakita ng maraming mga kaibigan sa loob ng gusaling ito: masyadong marami para banggitin. Napansin kong pumasok ng pintuan si Brother Carpenter, ang lalaking kasabay kong nag-asawa. Siya ay naging isang malaking pagpapala sa atin dito sa simbahan, maging sa pagmiministeryo, at siya'y nangangaral halos sa lahat ng dako. At nagagalak tayong makasama siya, oh, napakarami pang iba. [Patlang sa tape—Ed.]

3 Ngayon, may isa pang katanungan dito na ibinigay sa akin kagabi: Brother Branham, ang limang mangmang na dalaga ba ng Mateo 25 ay tinuturing na labi ng mga Hentil? Ang pagkaunawa ko ay naligtas ang limang mangmang na dalaga ngunit kailangang dumaan sa panahon ng dakilang kahirapan. Tama ba ito? Kung tama, ano ang kanilang kahahantungan? Posible bang sila ang mga tupang inihiwalay sa mga kambing sa Mateo 25:33 at 34? Napakahusay na teologo ayon sa aking . . . [Patlang sa tape—Ed.] . . . Ganu'n din ang palagay ko, na sila ang labi, ang natutulog na birhen ang labi ayon sa Apoclipsis ng binhi ng babae na tumutupad sa mga kautusan ng Diyos at nagtataglay ng patoo ni Jesus Cristo. 4 Kukuha ang isang babae ng tela at ito'y ilalapag; buweno, ngayon, iyon ang paggugupitan niya ng kaniyang—o kukunin niya ang kaniyang padron at ilalapag kung saan niya nais, at kung papaano niya gugupitin. At ang matitira niya ay tinatawag na retaso, ngunit siya ang pumipili kung saan ito gugupitin ayon sa kaniyang malayang pag-iisip. Ngunit anuman ang matira ay tinatawag na retaso. 5 Ngayon, kung inyong mapapansin, mayroong limang mangmang at limang matatalinong dalaga; lahat sila ay mga birhen, yari sa iisang materyales. Ngunit sa pamamagitan ng paghirang ay pinili ng Diyos ang Kaniyang Nobya bago pa itatag ang sanlibutan, inilagay ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan; bago pa

magsimula ang sanlibutan, ang Diyos sa Kaniyang pag-iisip, dahil Siya ay impinit . . .

4 At minsan ay ginagamit natin ang salitang predestinasyon, ngunit talagang isa itong pambitay sa kapanahunan ng iglesiang kinabubuhayan natin. Tunay ngang malaking bagay 'yon kung gamitin nila sa panahon ng mga martir, dahil talagang pinaniniwalaan nila 'yon. Nguntí napadpad na ito ngayon sa ideyang legalista, sa legalistang pagtuturo sa iglesia na dumating . . . At mabuti iyon, sapagkat ang lahat ay naging Calvinistic na sa Inglatera hanggang sa hindi na sila nakararanas ng mga revival, pagkatapos ay dumating si Wesley na nangangaral ng doktrinang Arminian na nagbalanse dito. Sa tuwina ay binabalanse ito ng Diyos. 7 Samakatuwid ang dalagang mangmang ay yaong walang langis sa kanilang mga ilawan, na sa paniwala ko'y itinapon sa kadiliman sa labas kung saan ay magkakaroon ng pagtangis, pag-iyak, at pagngangalit ng ngipin. Kung titignan n'yo 'yan sa inyong mga footnote, ito'y tutukoy ulit sa dakilang kahirapan. At sa paniwala ko sila ang mga maiiwan at dadaan sa dakilang kapighatian. Magandang aralin 'yon, kung mayroon lang sana tayong panahong para ito'y talakayin. Kung kayo'y . . .

5 Ngayon, alalahanin n'yo, nasabi ko, ang unang pangungusap na maririnig n'yo kapag nakinig kayo ng mga tape ay, "Ang mga bagay na ito ay ayon lamang sa nalalaman kong tama." Kita n'yo? Ngayon, kung mali ang mga ito, hindi ko alam na mali pala. Ako'y . . . At ang maaari ko lamang sabihin ay kung ano'ng pinaniniwalaan ko. At hindi ko sinasadyang saktan ang damdamin ng sinuman. Sadyang kailangan natin itong isaisang-tabi sa ating pagpasok, at tanggapin kung ano ang nasabi, at pag-aralan ito, at tignan kung ayon ba ito sa Kasulatan o hindi. Ganiyan ang pinakamainam nating gawin kung gayon, sapagkat sa panahong kinabubuhayan natin ngayon, sa isang bansang paulit-ulit nang pinagsimutan ng lahat ng kung anu-ano, aba'y, mahirap na basta na lang ito mapaunawa sa mga tao. Di tulad sa isang lugar na birhen pa, kapag sinabi mo sa kanila, pinaniniwalaan nila; ganu'n ang nangyayari.

6 Ngunit ngayon, may isang darating dala ang ganitong ideya, pagkatapos darating naman ang isa na may ganiyang ideya, at mayroon tayong humigitkumulang na siyam na raang iba't ibang makadenominasyong iglesia, at ang isa't isa'y magkakasalungat ng katuruan; at mayroon at mayroong isang mali sa kanila o isang tama. Kaya ngayon, ang tanging katibayan ay ang ibalik ito sa Biblia (Kita n'yo?), hayaang ang Biblia ang . . . Ngayon, kadalasan, naglalagay ang mga tao ng kanilang sariling interpretasyon. Ngunit sinisikap natin sa abot ng ating makakaya, na huwag Itong lagyan ng anumang makataong interpretasyon: basahin lang natin ayon sa pagkakasulat, at sabihing, "Ganiyan nga Iyon." 10 At palagi kong napapansin, na kung tatanggapin mo kung ano lang ang sinabi Niya, paglalakip-lakipin nito ang bawat bagay sa Kasulatan. Halos katulad ito ng pagbubuo ng jigsaw puzzle; kailangan mo munang tignan ang padron bago mo ito mabuo nang tama. Kung hindi, palagi kong sinasabi, "Magkakaroon ka ng isang . . . Sa larawan mo ay magkakaroon ka ng isang bakang nanginginain ng damo sa tuktok ng isang punong kahoy." Kaya't sadyang hindi ito magmumukhang tama.

7 At hinahayaan lang natin ang Espiritu Santo . . . Sino ang sumulat ng Biblia? Kumilos ang Espiritu Santo sa mga tao at isinulat nila ang Biblia. At kung walang Espiritu Santo, kahit gaano ka kaedukado, hindi mo ito maiintindihan. Sapagkat maging si Jesus ay nagpasalamat sa Diyos na ikunubli Niya ito sa mga mata ng marurunong, at ipinahahayag sa mga sanggol na nais matuto. At bawat isa sa mga disipulo ay humigit kumulang di nakapag-aral at di edukado, maliban sa isa, at iyon ay si Pablo. At sinabi ni Pablo na kinailangan niyang kalimutan lahat ng nalaman niya upang masumpungan si Cristo. Kaya't sinabi niya sa iglesia ng mga taga Corinto, na hindi siya pumaroon na may karunungan ng tao at nang may dakilang pangungusap, sapagkat masasalig ang kanilang pananampalataya sa karunungan ng tao, ngunit naparoon siya sa kanila sa kapangyarihan at pagpapamalas ng Espiritu Santo, upang ang kanilang pananampalataya ay masalig sa gawa ng Espiritu Santo ayon sa Salita ng Diyos. At diyan tayo nagsisikap na nanghahawakan ngayon nang husto, sapagkat bago matapos ang linggong ito, o sa pagtatapos ng linggong ito, ay makikita n'yo; iyon nga ang diwang dumadaloy sa buong kapanahunang ito.

8 Salamat sa pagtataas nang kaunti sa pisara. Mas magandang tignan 'yan.

Ngayon, oh, tayo'y . . . Sana puro taglamig na lang, nang sa ganu'n ay magawa nating talakayin ang buong Aklat ng Apocalipsis at masuyod ang kabuuan nito. Napakagaganda ng mga katuruang naroroon. At naaalalal ko, sa wari ko'y mga dalawampung taon na ang nakararaan, o dalawampu't lima, nang bago pa ang iglesiang ito; nagsimula tayo sa bungad ng taglagas, at halos umabot tayo sa kasunod na taglagas, sa pagtalakay natin ng Aklat ng Apocalipsis. 14 Naaalala ko nang talakayin ko ang Aklat ni Job. Oh, Brohter Wright, nagtagal ako ro'n nang husto hanggang sa may isang babaeng sumulat at nagtanong sa akin; aniya, "Brother Branham, hindi ka na ba aalis sa bunton ng abong iyon?" Buweno, nagpaparating ako ng isang punto, sapagkat ang lahat ay napapaloob sa dakong iyon; sa dakong iyon kung saan dinapuan siya ng

Espiritu ng Panginoon. At nang magsimulang magliwanag ang kidlat at umugong ang mga kulog, nilukuban ng Espiritu ang propeta, at nakita niya ang pagdating ng Panginoon. At nais ko sanang ipagdiinan iyon; iyon ang dahilan kaya pinagtagal ko siya sa bunton ng abo, upang maiparating ang puntong iyon. At alam kong maaaring maging medyo nakapapagod. Nininiyerbyos din ako, at nakaririnig ako ng naglalaro ng kung anong bagay, para bang ihahampas niya ito. Ngunit marahil ay pinangungunahan ng Diyos ang taong iyon na gawin ang ganu'n sa isang layunin.

9 Ngayon, magbalik tayo sa labing ito, bago natin iwanan ang katanungan. Sana'y nalinaw ko na, itong . . . Tunay akong naniniwala na ang labi ay pinili ng Diyos. Naniniwala akong pinili ng Diyos ang labi bago pa itatag ang sanlibutan, at sa Kaniyang paunang-kaalaman ay . . . Hindi ang salitang . . . Ngayon, ingatan n'yo ang salitang predestinado (Kita n'yo?), sapagkat masakit na salita ito sa mga tao. Kita n'yo? Ngunit ang Diyos, bago pa itatag ang sanlibutan, sa Kaniyang dakilang walang hanggang kaisipan, ay pinili na ang iglesia, pinili na si Jesus, pinili na ang iglesia, at magagawa Niyang hulaan sa simula pa lamang kung ano ang mangyayari sa wakas. Siya'y . . . Kung Siya'y impinit (infinite), walang anumang bagay na lingid sa Kaniya. Alam Niya ang bawat pulgas na maparirito sa ibabaw ng lupa at kung gaano kadalas nito ikukurap ang kaniyang mga mata. Ngayon, ganiyan din . . . At kung gaaano karaming sebo ang maiipin nito, at gaano karami ang maiipon nila nang magkakasama . . . Ganiyan ang impinit; iyon ay walang hanggan; kayo—kayo'y . . . Sadyang walang paraan upang ipaliwanag Ito . . . At ang Diyos, iyon Siya, ang impinit (infinite) na Diyos.

10 Kaya't kung mapapansin n'yo, sinabi ng Biblia na sa huling mga araw ay darating ang anticristo sa ibabaw ng lupa . . . 17 Ngayon, makinig kayong maigi. Iyon ang tanging depekto . . . Palagay ko'y milyun-milyon ang makikita Niya sa akin. Ngunit ang mahal nating si Brother Billy Graham, nung isang araw, mahalaga ang sermon na ipinangaral niya nung nakaraang Linggo, at tunay ngang sa wari ko'y napapanahon ang mensaheng iyon. At . . . Ngunit sinabi niya na "Dadayain ni Satanas maging ang hinirang." 18 Hindi, ang sabi ng Biblia dadayain niya maging ang mga hinirang kung maaari. Ngunit imposible, sapagkat pinili sila ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Kita n'yo? Ang Cordero . . . Si Jesus Cristo ang Cordero ng Diyos na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan. Pagkalagay ng Diyos sa Kaniyang kaisipan, nang ipinangusap Niya ang Salitang iyon, hindi na Ito mababago, hindi ito maaaring maiba. Kita n'yo, sapagkat Siya'y impinit, at ang Kaniyang mga Salita ay matutupad.

11 Isipin n'yo na lang, ang pinaka . . . Ang mundong kinaroroonan nating ngayong gabi ay Salita ng Diyos na nahayag. Ang daigdig ay nabuo sa pamamagitan ng mga bagay na hindi nakikita. Sinabi Niya lang, "Magkaroon nawa," at iyon ay naganap. Gaano kadali kung gayon para sa Diyos na iyon na pagalingin ang isang katawang may sakit, kung kaya Niyang lumikha sa pamamagitan lamang ng pangungusap. Kita n'yo, ang Kaniyang Salita, kung magkakaroon lamang tayo ng pananampalataya upang makita kung ano ba ang Kaniyang Salita. Tayo ay masyadong makalupa at puno ng sari-saring bagay ang ating mga pag-iisip na tayo'y . . . Ay, hindi ko na alam. Napakaraming naiturok sa atin, isang turok mula sa ganito, isang turok mula sa ganiyan, at— at humantong na ito sa pagkabaluktot. Ngunit kung magagawa mong makahulagpos sa lahat ng ito, makabalik sa pagkakilalang Siya ay Diyos, at ang mga Salita Niya ay hindi maaaring mabigo kung papaanong Siya'y hindi maaaring mabigo . . . At kung ang

mga Salitang iyon ay mabibigo, kung gayon ang Diyos ay nabibigo; at kung ang Diyos ay nabibigo, o . . . Siya ay hindi Diyos? Kita n'yo? Kaya't . . . At alalahanin n'yo, hindi Siya maaaring magsabi ng isang bagay dito at iba naman pagdating dito; kinakailangan Niyang manatilil sa Kaniyang unang desisyon para maging Diyos Siya. Kaya't atin lamang . . .

12 Isipin n'yo na lang, ang pinaka . . . Ang mundong kinaroroonan nating ngayong gabi ay Salita ng Diyos na nahayag. Ang daigdig ay nabuo sa pamamagitan ng mga bagay na hindi nakikita. Sinabi Niya lang, "Magkaroon nawa," at iyon ay naganap. Gaano kadali kung gayon para sa Diyos na iyon na pagalingin ang isang katawang may sakit, kung kaya Niyang lumikha sa pamamagitan lamang ng pangungusap. Kita n'yo, ang Kaniyang Salita, kung magkakaroon lamang tayo ng pananampalataya upang makita kung ano ba ang Kaniyang Salita. Tayo ay masyadong makalupa at puno ng sari-saring bagay ang ating mga pag-iisip na tayo'y . . . Ay, hindi ko na alam. Napakaraming naiturok sa atin, isang turok mula sa ganito, isang turok mula sa ganiyan, at— at humantong na ito sa pagkabaluktot. Ngunit kung magagawa mong makahulagpos sa lahat ng ito, makabalik sa pagkakilalang Siya ay Diyos, at ang mga Salita Niya ay hindi maaaring mabigo kung papaanong Siya'y hindi maaaring mabigo . . . At kung ang mga Salitang iyon ay mabibigo, kung gayon ang Diyos ay nabibigo; at kung ang Diyos ay nabibigo, o . . . Siya ay hindi Diyos? Kita n'yo? Kaya't . . . At alalahanin n'yo, hindi Siya maaaring magsabi ng isang bagay dito at iba naman pagdating dito; kinakailangan Niyang manatilil sa Kaniyang unang desisyon para maging Diyos Siya. Kaya't atin lamang . . .

13 Ngayon, sa pasimula, nang ang Diyos . . . Ang Biblia ay nagsabi sa Apocalipsis na ang anticristo, sa huling mga araw ay . . . Ngayon, tignan n'yo ang pagtitipon-tipon ng mga iglesiang ito. Dadayain ng anticristo sa huling mga araw ang lahat ng nasa lupa na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero mula pa nang itatag ang sanlibutan. Kailan naisulat ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay? Ang . . . Bago pa tayo magkaroon ng daigdig kayo ay pinili na upang tumanggap ng Espiritu Santo sa kapanahunang ito. 22 Nakipag-isa ako kay Eddie Perronett. I've anchored my soul in the haven of rest, To sail the wild diving seas no more; The tempest may sweep o'er the wild, stormy deep, But in Jesus we're safe evermore.

14 Walang anumang magpapahiwalay sa atin. Hindi maaaring umurong ang Diyos sa Kaniyang Salita. At kung Siya ay impinit (infinite), pagkatapos ay bibigyan ka Niya ng Espiritu Santo nang hindi Niya nalalaman na mawawalay ka sa Kaniya pagdating dito, ano'ng uri ng kalakaran ang pinatatakbo Niya? Kung hindi ka nadaya sa iyong karanasan, kung taglay mo ang Espiritu Santo .

. . Ngunit masdan n'yo kung ano ang sinabi ng Biblia, Efeso 4:30, "Huwag n'yong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa pamamagitan nito ay natatakan kayo hanggang . . ." Sa susunod na revival? Tama ba iyon pakinggan? "Kayo ay tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan." Gaano katagal? Hanggang sa inyong katubusan. 24 Kumuha ka ng isang bagul; punuin mo ito sa riles, at kapag punung-puno na ito . . . Ngayon, hindi pa nila puwedeng isara ang bagul na iyon; kailangang dumating ang inspektor. At susuriin niya at titignan kung may maluwag na maaaring maalog. Ang bagul ay maaaring . . . Maaaring punungpuno na ang bagul, ngunit kung may maluluwag na lugar dito, kinakailangan niyang isalansang muli ang mga laman nito. At iyan ang problema kaya marami sa atin ang hindi makatanggap ng Espiritu Santo; pag dumaraaan ang Inspektor, nakasusumpong Siya ng maraming maluluwag na dako (Kita n'yo?), kaya't hindi pa Niya maselyuhan.

15 Nilapitan ako ng isang dakilang teologo nung makalawa, o hindi nung makalawa, tatlo o apat na taon na ang nakalilipas, at ang sabi niya, "Nais kitang tanungin." Aniya, "Sumampalataya si Abraham sa Diyos at iyon ay ibinilang na katuwiran sa kaniya." 26 Ang sabi ko, "Totoo iyon, tama." 27 Aniya, "Ano pang maaaring magawa ng isang tao kundi ang sumampalataya?" 28 Ang sabi ko, "Iyon lang ang maaari niyang gawin." 29 Aniya, "Kung gayon saan ka na pupunta sa Espiritu Santong ito maliban do'n?" Ngayon, mangyari kasi isa siyang Baptist. At ang sabi niya, "Saan ka na pupunta sa Espiritu Santong ito?" Aniya, "Kapag sumampalataya ang tao, sa sandaling sumampalataya ka, natanggap mo na ang Espiritu Santo." 30 Ang sabi ko, "Hindi, hindi. Ngayon, pinagsasalungat mo ang mga Kasulatan, at ang mga Kasulatan ay hindi maaaring magsalungatan. Kita mo? Tinanong sila ni Pablo, 'Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo mula nang kayo'y sumampalataya?'" 31 At ang sabi niya, "Buweno . . ." 32 Ang sabi ko, "Totoong pinangakuan ng Diyos si Abraham na ama ng pananampalataya at sinampalatayanan niya ang Diyos, at iyon ay ibinilang na katuwiran sa kaniya, ngunit binigyan Niya siya ng tatak ng pagtutuli bilang isang tanda na tinanggap Niya ang kaniyang pananampalataya."

16 Ngayon, kung hindi ka pa Niya sinelyuhan ng Espiritu Santo, hindi pa Niya tinatanggap ang iyong pananampalataya; mayroon ka pang maluwag na

bahagi. Kita n'yo? Maaaring sumasampalataya ka, oo, ngunit napakarami mong maluwag na bahagi. Ngunit kapag nasiksik mo na nang tama ang lahat ng maluluwag na bahaging iyon, kung magkagayo'y siselyuhan ka na Niya ng Espiritu Santo hanggang sa araw ng iyong katubusan. Iyan ang kumpirmasyon ng Diyos na tinanggap na Niya ang pananampalataya mong inihayag sa Kaniya. 34 Nagpahayag si Abraham ng pananampalataya, at sinabi ng Diyos, "Bibigyan Kita ng isang tanda ngayon na ikaw ay

tinanggap Ko na." At binigyan Niya siya ng isang tanda ng pagtutuli. 35 Ngayon, kapag tinanggap mo si Cristo bilang personal mong Tagapagligtas, at ikaw ay sumampalataya sa Kaniya, at hinihiling mo sa Kaniyang linisin ang buhay mo, kapag binalikan Ka niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo at ibinigay sa iyo ang tanda ng Espiritu Santo, kung magkagayo'y naselyuhan ka na hanggang sa araw ng iyong katubusan.

17 Ang bagul na ito, kung ito ay maluwag . . . Matapos na masiksik na ito nang husto at maisara na ang pinto at matatakan, selyado na ito hanggang sa destinasyon nito. Ipakukulong ka panghabang-buhay ng railroad company kapag sinira mo ang selyong iyon. Hindi maaaring sirain ang mga ito. Selyado na iyon hanggang sa destinasyon nito, hindi para buksan ninuman sa daan, at silipin, at usisain, at suriin, at mag-alis ng ilang bagay, at magpasok ng iba pang mga bagay. Hindi, hindi. 37 Ang iglesiang ito ay magsasabi, "Buweno, iyan ay dogma. Ito ay hindi mabuti; iyan ay hindi mabuti." Kapag ibinigay ng Diyos sa iyo ang Espiritu Santo, tapos na iyon. Alam mo na kung saan ka nakatayo; alam mo kung ano'ng nangyari; at ikaw ay naselyuhan na hanggang sa araw ng iyong katubusan, sa destinasyon ng makalupang paglalakbay mong ito. Ay, naku. Dapat ay magbigay iyan ng pananampalataya sa bawat isa upang maniwala sa Diyos, at tumindig sa kapangyarihan ng Espiritu Santo.

18 Ngayon, ang mga birheng ito na hindi nakakuha ng Espiritu Santo, kung inyong maaalala, ang tanging kulang nila ay langis sa kanilang mga ilawan. Tama ba? Ayon sa Biblia ang langis ay sumisimbulo sa Espiritu Santo; kaya nga pinapahiran natin ng langis ang may sakit at iba pa, sapagkat isa itong simbulo ng Espiritu Santo. Ngayon, kung hindi dumating sa kanila ang Espiritu Santo, wala sila Nito . . . At nang dumating Siya, ang sabi nila . . . Ngayon, sa mga birhen na walang langis, ang sabi . . . 39 Mangyari kasi, sila ay naiwan sa kapanahunan ng iglesia; may ilang mabubuting tao sa mga naroroon, ngunit wala sila sa liwanag ng bituin, ang ibig kong sabihin, hindi nakasawsaw ang kanilang mitsa sa langis. Kita n'yo,

at namatay na iyon. Nagdilim na iyon; inihiwalay nila ang kanilang mga sarili. Ang sabi ni Pablo sa kaniyang panahon, "Nagsihiwalay sila sa atin, na tila di nagtataglay ng pananampalataya." Kita n'yo, at nagsilayo sila sa kanila, "Nagsilabas sila sa atin sapagkat sila'y hindi sa atin." Ngayon, nagsimula ito nu'ng umpisa ng kapanahunan ng Efeso at nagpatuloy hanggang sa kapanahunang ito. Kapareho rin, bawat isa sa mga kapanahunang iyon, kung ano'ng naganap sa mga iyon ay lumakip papasok sa mga kapanahunang ito. Iyan ay tatalakayin natin nang husto sa loob ng ilang sandali.

19 Ngayon, pansinin n'yo na ang birheng ito ay nagtungo sa lugar na kung saan ay mayroong pagtangis, pag-iyak, at pagngangalit ng mga nginpin. Hayaan n'yong sabihin ko ito, mga mahal kong kaibigan; dahil karaniwan sa simbahang ito, 'pag ako'y dumarating, pumaparito ako upang magdaos ng healing service at manalangin para sa mga may sakit, at ganun din sa ibayong bahagi ng bansa. Ngunit ito ang panahon na matagal ko nang sinasabi sa inyo, paganahin n'yo ang inyong konsiyensiya. Ngayon, nais nating maging tapat sa isa't isa, sapagkat tayo'y nasa huling araw na. Opo. 41 Ngayon, diyan kayo nabigo, mga mahal kong mga Nazarene at Pilgrim Holiness sa ilalim ng pagpapakabanal. Kita n'yo? Ngayon, alam n'yo bang si Judas Iscariote ay namuhay din hanggang sa puntong iyan? Pinaniwalaan ni Judas ang Panginoong Jesus bilang Tagapagligtas, tinanggap niya Siya bilang Tagapagligtas. At napaging-banal din siya. Napaging-banal siya sa Juan 17:17, nang sabihin ni Jesus, "Ama, paging-banalin Mo po sila sa pamamagitan ng Katotohanan; ang Iyong Salita ang Katotohanan." At Siya ang Salita. Tama. 42 Sa Mateo 10, pinagkalooban sila ng kapangyarihan upang magpagaling ng mga may sakit, bumuhay ng mga patay, magpalayas ng mga demonyo. At humayo sila sa buong lalawigan at nagpalayas ng mga demonyo, at nagsibalik sila nang nagdiriwang at nagsisigawan at nagpupuri sa Diyos. At sinabi ni Jesus sa kanila, "Huwag kayong magdiwang dahil napapasakop sa inyo ang mga demonyo, kundi magdiwang kayo sapagkat ang inyong mga pangalan ay nasa Aklat ng Buhay." 43 Tama ba? At si Judas ay kasama nila; kasama nila si Judas; ngunit iyon ay isang taon at kalahati bago pa naipako sa krus si Jesus.

20 Ngayon, pagdating sa Pentecostes kung kailan ay matatanggap na sana ni Judas ang Espiritu Santo at iba pa, ipinakita niya ang kaniyang kulay. Itinanggi niya si Jesus at pinagtaksilan Siya. At du'n nga nanggaling ang espiritung iyon: dumaan sa panahon ni Luther, sa panahon ni Wesley, naihatid ang iglesia hanggang sa pagpapagingbanal na may birheng buhay (dalisay, malinis, banal, mainam, pinakapinong mga taong nakilala mo), ngunit

pagdating sa . . . pagdating nila sa pagsasalita ng iba't ibang wika at pagtanggap ng Espiritu Santo, ang mga Nazarene, Pilgrim Holiness, Free Methodist ay nagsabi, "Iyan ay sa diablo." At diyan n'yo pinusong ang Espiritu Santo at sinarhan ang inyong mga sarili magpakailanman; "Sapagkat sinumang mangusap nang laban sa Anak ng tao ay mapapatawad, ngunit sinumang mangusap nang laban sa Espiritu Santo ay hindi kailanman mapapatawad." Kita n'yo, kita n'yo?

21 Alalahanin n'yo, lahat ng mga disipulo ay nagsalita ng iba't ibang wika. Si Jesus Cristo ay namatay sa krus nang nagsasalita ng ibang wika. Kita n'yo? Kaya't kung hindi ninyo kayang makitungo sa kanila rito, at makipagkaibigan sa kanila, papaano na roon? At kung mga demonyo ang mga ito, ganu'n din sila. Kaya't nakita n'yo ba kung saan niya ipinakita ang kaniyang kulay? Hayan ang birhen na iyon, sinlinis ng iba sa kanila, dalisay ang buhay. Ihahalimbawa ko ang mga makalumang iglesiang Nazarene, Pilgrim

Holiness na talagang sumampalataya sa kabanalan, wala kayong maituturo sa kanilang mga buhay, napakalinis nila. Mabuting mamuhay tayo nang ganu'n. Tama, dapat n'yong gawin iyon.

22 Ngayon, alam nating marami tayong mga manggagaya sa Pentecostal. Totoo iyon. Ngunit habang nakakakita kayo ng pekeng dolyar, alam n'yong kinopya iyon sa totoo, sa tunay. Tama. At may tunay na Espiritu Santo, tunay na nagsasalita ng iba't ibang wika at nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan, at iyon ay magmula pa nung Pentecostes. Kaya't kinakailangang magkaroon ng mga manggagaya. Kinakailangang magkaroon ng isang masamang babaeng walang kuwenta upang magningning ang isang tunay na babae. Kinakailangan nating magkaroon ng gabi, matinding kadiliman, upang maipakitang maluwalhati ang sikat ng araw. Tama. Kinakailangan mong magkasakit upang masiyahan ka sa magandang kalusugan. At batas ito ng ayon at kontra; at dati nang ganiyan, at mananatiling ganiyan, habang may panahon . . . 47 Ngayon, kaya nga, diyan umakyat ang iglesia.

23 Ngayon, hindi ba't sinabi ni Jesus na sa huling araw (Mateo 24) ang dalawang espiritu ay magiging magkahawig na magkahawig na dadayain nito kung maaari lamang pati ang hinirang? Kita n'yo? Ngunit ang pinili mula pa nang itatag ang sanlibutan ay may Buhay na Walang Hanggan. At hindi mo maaaring patayin ang Eternal na Buhay. Sing-eternal ito ng Diyos; hindi ka maaaring tumigil sa pamumuhay tulad ng ang Diyos ay di maaaring tumigil sa pamumuhay. Tama. Sapagkat bahagi ka ng Diyos; kayo'y mga anak na lalaki at babae ng Diyos; ang buhay niyo'y binago at kayo ay bahagi ng Diyos; mayroon kayong eternal na Buhay. Oh, mahal ko Siya. Kayo ba?

24 Ngayon, may nagbigay sa akin ng munting sulat dito, isang munting katanungan. Hindi na tayo gugugol ng mahabang oras upang sagutin ito. At alalahanin n'yo, sa tuwing maglalapag kayo ng munting katanungan, sisikapin kong masagot ito sa abot ng aking makakaya. Ngunit isa itong mahalagang katanungan. May isang nais makaalam kung mali ba para sa isang babae na magpatotoo, o umawit, o magbigay ng mga mensahe sa ibang wika, magpaliwanag ng mga ito, o kaya'y magpropesiya sa simbahan. 50 Hindi, hindi ito mali; hangga't dumarating ito nang nasa kaayusan. Kita n'yo? Ang igleisa ay nasa kaayusan, at tanging kapag . . . Ang tunay at tamang paraan para gawin ito ay ang pagsalitain ang mga nagsasalita sa iba't ibang wika at iba pa o magbigay ng mensahe bago ang mensahe sa pulpito, hindi magkasabay; sapagkat ang Espiritu Santo ay kumikilos ng paisa-isang pagkakataon, tulad ng sinabi rito ni Pablo. Ngunit ang mga kababaihan ay binigyan ng kaloob ng panghuhula, at ng pagsasalita ng iba't ibang wika at pagpapaliwanag, at lahat na maliban sa pagiging mangangaral. Hindi sila dapat maging mga mangangaral. Pinagbabawalan silang mangaral sa mga iglesia (Tama.), akuin ang lugar na iyon, o maging tagapagturo, o anumang tulad no'n sa iglesia. Ngunit kung ang mga kaloob ang pag-uusapan, ang babae ay nagtataglay ng mga yaon, maaari niyang gampanan ang isa o alin man sa siyam na mga kaloob na iyon ng Espiritu ayon sa I Corinto 12, at hindi siya nagagapos upang hindi niya maipahayag ang kaniyang mensahe sa tamang lugar nito.

25 Kita n'yo, ang bawat mensahe ay naghihintay sa pagkakataon nito. At kung may isang nagsasalita ng iba't ibang wika, at walang tagapagpaliwanag, siya ay manahimik hanggang sa magkaroon ng isang tagapagpaliwanag. Kita n'yo? At ang mga mensaheng ito ay karaniwang ibinibigay bago ang gawain. At ang propeta, o ang mangangaral, na katumbas ng propeta sa Bagong Tipan, isang mangangaral, kapag lumabas na siya, magsisimula nang kumilos sa kaniya ang Diyos. Kita n'yo? At pag natapos na siya, magsisimula naman ang mga mensahe, at isa pa; pagkatapos, bago . . . Sa tuwina ay nasa kaayusan ito, sa lahat ng pagkakataon. Ngunit ang isang babae ay mayroon ngang karapatan.

26 Ang kasunod, nais ko lang gumugol ng kaunting panahon sa pagsagot nito; babasahin ko ang ulong pambungad: ANG PAGSASALIN NG TATLONG PANANAMPALATAYA SA IISANG BIBLIA SINIMULAN NA. Washington, ika-15 ng Oktubre. Ang mga iskolar na Catolico, Protestante, at Judio na nagtutulungan bilang isang koponan ay nagpasimula ng isang bagong pinagsama-samang salin ng Mga Kasulatan na maaaring

humantong sa pagkakaroon ng Bibliang mahabang panahon nang pinakahihintay. 53 May ilan mga bagay dito na nais ko pang pag-aralan nang kaunti bago ko ipahayag. Sa ibang salita, nakikita n'yo kung ano ba talaga ang sinasabi natin, kung ano ba talaga ang sinasabi ng Kasulatan na magaganap sa mga araw na ito, na magbubuklod-buklod ang mga ito at gagawan nila ng isang larawan ang hayop. Eksakto. Sinubukan na nila iyon, at tinatrabaho nila, at ngayon nasa kanila ang pinakamagandang pagkakataon upang iprisinta ito, sapagkat ito'y nasa mga kamay na nila. At iyan ang pinaka dahilan kung bakit inihahatid ko ang prophetic na mga mensaheng ito, dahil iniisip kong ito'y napapanahon.

27 At kung may sinumang makababalik gabi-gabi, sisikapin nating magsimula at magtapos nang maaga. At kung hindi ko matapos ang paksa, kung magkagayo'y mag-aanunsyo ako kinabukasan. Kung hindi tayo matapos sa tagpo ng talatang ika-19, sa ika-9 hanggang ika-20 talata ngayong gabi, magsisimula tayo ng alas diyes kinaumagahan. Ipaaalam namin sa inyo sa dulo ng gawain kung ano nang lagay natin. 55 At bukas ng gabi ay tatalakayin natin ang iglesia ng Efeso, sa pasimula, at itutuloy-tuloy natin sa loob ng pitong gabi: Efeso, ang kapanahunan ng iglesiang Efeso; at ang Smirna; at Pergamo; at Tiatira; at Sardis; at Filadelfia; at Laodicea, sa susunod na Linggo.

28 At dahil alam kong may mga dakilang hiyas sa ating hinaharap, napakahirap iwasang salingin ang mga iyon bago pa dumating ang takdang pagkakataon. Ang makita ko pa lamang na nasa unahan natin ang mga iyon, at madamang pinakakain ng Espiritu ang mga tao, gusto ko na kaagad mangusap tungkol sa mga iyon; ngunit sadyang kailangan kong magpigil at ipuwesto ang mga iyon sa kanilang kapanahunan at kanilang pagkakataon. Kaya't kung hindi kayo makadadalo sa gabi, tiyakin n'yong makakuha kayo ng tape sa anumang paraan, sapagkat nais kong makarating ito sa lahat ng dako. At ginawa ko ito dahil nadarama kong pinangungunahan ako ng Espiritu Santo na ganito ang gawin; at iyan ang tanging dahilan kaya ginagawa ko ito. At kung sa palagay ko'y hindi ito makatutulong sa iglesia . . . At sa araw na ito, alalahanin n'yo, di na magtatagal darating ang oras na hindi na tayo makapagdadaos ng ganitong mga pagtitipon, at dapat ay gawin mo na ito habang may panahon pa tayo. Kita n'yo, hindi natin alam kung kailan nila ito ipatitigil.

29 Kaya nga magkakaroon ng pagbubuklod sa pagitan ng mga iglesia, at sila'y magkakaisa, bubuuin nila ang ulo ng kumpiderasyon ng mga iglesia, at mayroon na silang isang malaking gusali ng U.N. at ang bawat denominasyon

ay kabilang do'n. At kakailanganin kayong umanib sa isa sa mga denominasyon iyon o kayo'y mapupuwera. At sa panahong iyan natin dapat ipakita ang ating kulay at tiyakin na alam natin, hindi lang tayo nagbabakasakali, kundi nalalaman natin ang ITO ANG SABI NG PANGINOON tungkol sa kinatatayuan natin. Ang munting iglesia ay palaging nasa minoridad; isa itong napakaliit na grupo na—mistula itong isang munting pulang sinulid na gumuhit sa kabuuan ng Biblia, ngunit ganun ang iglesia sa tuwina. At nais nating pakatandaan iyon.

30 Ngayon, sandali lang bago tayo muling bumasa. Kaninang umaga ay tinalakay natin ang Kataas-taasang Pagkadiyos ng Apocalipsis ni Jesus Cristo, at Siya'y inihayag sa atin ng Diyos kaninang umaga bilang kataas-taasang Diyos: ang dakilang AKO NGA (hindi ang nakaraan o ang darating), AKO NGA, sa bawat pagkakataon. At mapapansin natin dito sa unang kabanata ng Apocalipsis, ng Kapahayagan . . . Tungkol saan ang kapahayagan? Kay Jesus Cristo. Ano ang unang pagpapahayag Niya ng Kaniyang Sarili? Bilang Diyos ng kalangitan, hindi tatlong Diyos, kundi isang Diyos: isang Diyos; at ganu'n Niya inihayag ang Sarili sa unang kabanata ng Apocalipsis, at binanggit ito ng apat na beses sa unang kabanata upang hindi magkaroon ng pagkakamali. Ang unang dapat mong malaman ay hindi Siya isang propeta lamang; hindi Siya isang maliit na diyos; hindi siya ikalawang diyos; Siya ay Diyos. Siya ay Diyos. At kung ganu'n, ang kapahayagan ay nalantad na, at ipagpapatuloy pa rin natin Iyon sa gabing ito hanggang sa makuha natin ang pitong-luping Katangian ng Kaniyang Pagkadiyos.

31 At, oh, nawa'y tulungan tayo ng Diyos habang itinuturo natin ang mga Salitang ito. Pinag-aralan ko ito sa pananaw ng kasaysayan, ngunit hintayin n'yong makarating ako sa pulpito para sa inspirasyon. Sapagkat nadarama kong nakaupo tayong magkakasama sa mga makalangit na dako kay Cristo Jesus, at ang inyong Espiritu, ang inyong bahagi, ang dilang Apoy (ang Espiritu Santo) na nasa inyo ay dumadapo sa iba, at sa iba pa, at sa iba pa; pinag-aapoy Nito ang dakilang Katawan ng Diyos at pinag-aalab, at ang mga kapahayagan ay diyan . . .

32 Ngayon, ang pinag-uusapan natin, naitanong sa akin ang katanungang ito, "Nararapat ba sa mga kababaihan . . . at iba pa?" Iyan ang dahilan kaya nagkagulo-gulo ang iglesia nung pasimula, inalis nila lahat ng kataimtiman sa mga tagapakinig at inilagay sa pulpito. Ngunit ang Diyos ay Diyos ng mga tagapakinig. Gumagawa Siya sa bawat tao; nabubuhay Siya sa bawat pusong mapapasukan Niya. Hinahanap Niya ang mga taong may kaloob at gumagawa Siya sa pamamagitan nila.

Ngayon, kung hindi sila makuha ng diablo sa isang bagay, darating siya at gagawa ng isang malaking pagsasama-sama ng mga walang kabuluhang bagay upang ilayo ang mga tao. Tulad ng sinabi ni Pablo, "Kapag kayo ay nagkatipun-tipon, kung lahat kayo ay magsasalita ng iba't ibang wika, at may dumating na walang kamalayan, hindi pa niya sasabihin na kayo'y mga baliw. Ngunit ang sabi niya, "At kapag may isang nanghula at naghayag ng lihim ng puso, kung magkagayo'y sasabihin nilang tunay ngang sumasainyo ang Diyos." Kita n'yo? Ngunit kung may isang magsasalita ng iba't ibang wika at magpapaliwanag nito, isang bagay na magpapatibay sa iglesia, kung magkagayo'y ang buong iglesia ay napapalakas. May magsasalita at magsasalita ang Diyos sa mga wikang hindi natin alam at ipagkakaloob ito sa isa at ipapaliwanag naman ng isa pa, at maghahayag siya ng isang bagay na magaganap nang ayon na ayon sa pagkakasabi; kung magkagayon ay nasa inyong kalagitnaan ang Espiritu ng Panginoon. At, oh, pagsikapan natin iyon, mga kaibigan; ating—panatilihin nating nag-aalab ang apoy.

33 Ngayon, bago natin buklatin ang dakilang aklat ng ito ng Kasulatan, hindi naman siguro magiging kalabisan kung tatayo tayo at babaguhin natin ang ating posisyon sa loob ng ilang minuto habang tayo ay nananalangin. 62 Diyos na Makapangyarihan sa lahat na muling bumuhay sa Panginoong Jesus mula sa mga patay at Iyong iniharap Siya sa amin matapos ang labing siyam na raang taon bilang Diyos ng kalangitan na di nabibigo, pinasasalamatan Ka namin dahil dito at sa Kaniyang Presensya na sumasaamin sa pang-araw-araw naming lakad. At lubos kaming nagagalak na malaman na sa panahong ito ng kalituhan kung kalian ay di na malaman ng mundo kung ano'ng dapat gawin, sila'y naghuhukay sa lupa, at

nagpapader ng konkreto, ngunit, O Diyos, hindi sila makapagtatago sa poot ng Diyos. Iisa lamang ang lunas, Panginoon, at lubos kaming nagagalak na Ito'y natanggap namin: "Kapag nakita ko ang Dugo, lalampasan Ko kayo." Oh, galak na galak kami dahil sa sapat-sapat na proteksyon ng Dugo ng Cordero ng Diyos, ang Punong Saserdote, na nakatayo sa kaluwalhatian ngayong gabi, at namamagitan sa aming ipinahahayag. Lubos kaming nagagalak na makasama Siya ngayong gabi, ang dakilang Tagapagsalita, ang dakilang Espiritu Santo, ang dakilang tagapagbigay ng pahid, ang dakilang tagapagbigay ng Buhay. 63 At ngayon, Panginoong Diyos, sa panawagan kong magkatipon ang mga tao sa silong ng bubungang ito ngayong gabi, nagtitipon kami rito bilang ang iglesia o bahagi nito, nagkakatipon kami hindi sa pangalan ng tabernakulong ito, o sa pangalan ng sinumang indibiduwal, kundi sa Pangalan ni Jesus Cristo. Hayaan Mo pong ang Espiritung namahala sa Kaniyang katawan at kaisipan, at kumuntrol sa Kaniya, ay pumasok sa amin ngayong gabi at magpaliwanag ng

Salita, at mangaral ng Salita, at magkaloob Nito sa mga gutom naming puso habang kami ay naghihintay sa Iyo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan at para sa Kaniyang kaluwalhatiwan. Amen. (Magsiupo kayo.)

34 Ngayon, sa inyong may mga Biblia, buklatin n'yo sa unang kabanata ng Apocalipsis at simulan sa ika-9 na talata. Ihanda n'yo ang inyong mga lapis at papel, at susubukan kong magbigay sa inyo ng mga petsa at iba pa habang ako'y nagpapatuloy. 65 Ngayon, ito ay . . . Sa katunayan kaninang umaga ay mas parang isang sermon ang ginawa ko tungkol sa kapahayagan ng Pagkadiyos, ang pagkakahayag ng Diyos kay Cristo. Ilan ba ang naniniwala ro'n? Ang Diyos ay nahayag kay Cristo, si Jehova ay nahayag kay Cristo. Ngayon, saan naman mahahayag ang Diyos? Sa Kaniyang iglesia sa pamamagitan ng Kaniyang bayan, sa atin. Iisang Espiritu, iisang mga gawa, iisang manipestasyon, iisang pag-ibig, iisang kapatawaran, iisang pagpapahinuhod, kahinahunan, pagtitiis, kapayapaan, habag, lahat ng dating na kay Cristo ay nasa iglesia na. Alalahanin, pakatandaan n'yo ito: lahat ng kung ano ang Diyos ay ibinuhos kay Cristo (Siya ang Kapuspusang ng Pagkadiyos sa kahayagang ukol sa laman), at lahat ng kung ano si Cristo ay ibinuhos sa iglesia: ang Diyos sa itaas natin, Diyos na kasama natin, Diyos na nasa atin, ang trinidad ng Diyos, ang Diyos ay nahayag sa tatlong magkakaibang paraan: Ama, Anak, Espiritu Santo.

35 Ipinakita ng kapahayagan na hindi Siya tatlong diyos, o kaya'y nahahati sa tatlong piraso. Ngunit Siya'y iisang Diyos na naging Diyos sa kapanahunan ng Pagiging Ama; Diyos Siya sa kapanahunan ng Pagiging Anak; Diyos Siya sa kapanahunan ng dispensasyon ng Espiritu Santo, iisang Diyos, hindi tatlong magkakaiba, hindi tatlong pesona, hindi tatlong personalidad. Siya'y isang Persona, isang Personalidad. Hindi ka maaaring maging isang personalidad nang hindi ka isang persona. May ilang mga taong nagsabi, "Hindi Siya tatlong persona, ngunit Siya'y tatlong personalidad." Hindi mo iyon mapaghahati-hati; dahil Siya ay isang personalidad, Siya'y isang persona; kailangan ang isang persona upang mabuo ang isang personalidad. Kaya't Siya ay isang Persona, isang Personalidad: siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman; Alpha, Omega; Siya ang nakaraan, ang ngayon, at ang darating. Oh, sadyang Siya ang lahat. Gustung-gusto ko iyon.

36 Masdan n'yo ang Kaniyang katangian, ang Kaniyang Buhay, ang Kaniyang mga gawa. Dapat mahayag ito dito mismo sa tabernakulo, tulad nung Kaniyang kapanahunan (hindi ko ito sinasabi nang may pagkiling, alam iyon ng Diyos), hindi lamang dito, kundi sa buong mundo. Nagagalak ako na

ganu'n nga. Kung gayo'y nalalaman natin kung saan tayo nakatayo, sapagkat taglay din natin ang Espiritung iyon, kumikilos na kasama natin at nagpapakitang Siya'y naririto. Hindi tayo ito; Siya ito; hindi natin kayang gawin ang mga bagay na iyon; ang Diyos iyon. Maliban pa ro'n, pinahintulutan Niyang malitratuhan Siya sa daigdig ng siyensiya. Kasama natin Siya, nasa atin, nakapalibot sa atin, sa itaas natin, sumasaatin, gumagawa sa loob at sa labas natin, oh, kamangha-mangha. 68 Dati rati ay may munting awitin silang inaawit. I AM that spoke to Moses in a burning bush of fire, I AM the God of Abraham, the Bright and Morning Star. I AM the Rose of Sharon; oh, whence did you say that I came? Do you know My Father, or can you tell His Name? Oh, who do you say that I am, Or from whence did you say that I came? Do you know My Father, or can you tell His Name? I'm Alpha, Omega, the beginning from the end, I AM the whole creation, and Jesus is the Name. Amen.

37 Oh, kagila-gilalas ang kapahayagan. Ngayon, alalahanin n'yo, hindi n'yo ito makukuha sa pamamagitan ng mga teologo; hindi ito dumarating sa ganu'ng paraan. Ito'y darating lamang bilang isang kapahayagan. Ang bautismo sa tubig sa Ngalan ni Jesus Cristo ay maaari lamang maipagkaloob bilang isang kapahayagan. Ang pagiging isang Persona ni Jesus at ng Diyos ay maaari lamang dumating bilang isang kapahayagan. Ang buong Biblia ay nakasalig sa kapahayagan. Ang buong iglesia ay itinayo sa ibabaw ng kapahayagan. Ang sabi ng Mateo 17—ang sabi, "Sa ibabaw ng batong ito (sa espirituwal na kapahayagan) ay itatayo Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban dito." Hinahamon ko ang sinuman na magpakita sa atin saan man, sa kasaysayan o Kasulatan, na may mga taong nabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo sa labas ng iglesia Catolico hanggang sa panahon ni Martin Luther. Pagkatapos no'n ang iglesiang Protestante ay . . .

38 At bawat kasamaan . . . Makinig kayo, habang tinutungo natin ang mga kapanahunan ng iglesia.

Bawat kasamaan na nasa unang iglesia, ay tumuloy sa kasunod, nagtuluy-tuloy hanggang sa humantong sa ganap na pagtaliwakas sa huling araw. Bawat kasamaan ay patuloy na sumasanib sa bawat iglesia,

ang bawat mumunting ismo na nagpasimula. Tulad sa Genesis, ang baging ay nagsimulang lumago; gumapang iyon sa iglesia at lumabas sa huling mga araw. Hindi kataka-takang sinabi ng Biblia, "Pinagpala ang mga makatatakas sa araw na iyon," (Opo.), na makatatakas sa lahat ng mga bagay na ito.

39 Ngayon, hilingin n'yo sa Diyos na . . . Habang nangungusap tayo tungkol sa Apocalipsis, hilingin n'yo sa Kaniyang bigyan Niya kayo ng kapahayagan nito. Sapagkat ito'y malalaman lamang sa pamamagitan ng kapahayagan, at kayo ay maaari lamang maligtas sa pamamagitan ng kapahayagan. Alam n'yo ito sa intelektuwal na paraan, ngunit hindi kayo maaaring maligtas malibang ito'y maihayag sa inyo. "Walang sinumang maaaring tumawag kay Jesus na Cristo, kundi sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo." Iyan ang sinasabi ng Biblia. Walang maaaring magsabing si Jesus ang Cristo malibang nataggap niya ang Espiritu Santo. Maaari niyang sabihin, "Ganu'n ang sabi ng pastor; ganu'n ang sabi ng Biblia." Totoo ang mga iyon. "Ganu'n ang sabi ng iglesia." Totoo iyon. Ngunit hindi mo ito alam sa iyong sarili malibang naipahayag ito ng Espiritu Santo sa iyo, at Siya'y pumasok sa iyo. "Walang sinumang makapagsasabing si Jesus ang Cristo, kundi sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo." Hindi sa pamamagitan ng kaalaman, hindi sa intelektuwal na paraan.

40 Papaano sila makagagawa ng isang Biblia na sapilitang paakmain sa mga Judio, Catolico, at Protestante, samantalang ang kaibahan nila ay tulad ng gabi at araw. Palagay ko'y higit ang alam ng mga Judio kaysa diyan; ngunit wari ko'y sadyang napapanahon na na ito ay maganap, kung kailan lahat ay dapat humantong sa dakilang pagtaliwakas na ito. Kaya't sa lahat ito'y . . . Alalahanin n'yo, hindi natin ito mapipigilan, ngunit ang tanging magagawa natin ay ang pasinagin ang Liwanag sa labas, marahil ay magpakamartir at lumayo na lang, ganiyan nga ang maaari nating gawin. Ngunit marami ang mangangailangang gumawa niyan. At ganu'n nga ang pagkakaayos ng Biblia at ng mga bagay na ating tatalakayin. Kung hindi ako magbabantay, matatalakay ko na iyon.

41 Ngayon, unang bagay tungkol sa Aklat ng Apocalipsis, nagpasimula ito sa pagsasabing ito ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo, ng kung Sino Siya. Ngayon, si Jesus Cristo ay ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Alam natin 'yon. Ilan ang naniniwala du'n? Magsabi ng "Amen." [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen."—Ed.] Siya'y Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at mayroon Siyang iisang Pangalan. Ang Pangalang iyon ang tanging Pangalan na ipinagkaloob sa silong ng langit na sukat ikaligtas n'yo: Jesus Cristo. Kung bakit kinatatakutan nila Ito sa bautismo ay hindi ko maisip. Kita n'yo? Gumapang kasi ang espiritung iyon

papasok sa kapanahunan ng Smirna, at nagtuluy-tuloy hanggang sa panahon ng karimlan, at gumawa ng kaniyang doktrina, at dala itong lumabas sa huling mga araw. Ngayon, masdan n'yo lang ang kasaysayan at ang Biblia sa pagdaan natin sa linggong ito, kung papaanong inihahayag nito ang mga bagay na iyon.

42 Ngayon, ang kasunod. Ipinagkaloob ito ni Cristo kay Juan, sa pamamagitan ng isang anghel, upang ibigay sa Kaniyang (Ano?) mga iglesia, upang ihayag ito sa Kaniyang mga iglesia. At ang pitong bituin na nasa Kaniyang kamay ay ang pitong mensahero ng pitong iglesia. At bawat lalaking magtataglay ng mensahe, ay magkakaroon ng kaparehong tunay na mensahe na naumpisahan nung pasimula. 75 At oh, kapag umabot na tayo sa malalalim na dakong iyon upang tignan kung papaanong ipinasok ng Diyos ang mga bagay na ito, napakaluwalhati; sadyang mapasisigaw ka. Nagbabasa ako at sandaling magpapalakad-lakad at iiyak, at magbabalik at muling uupo, at pagkatapos ay maglalakad-lakad muli nang kaunti. Sadyang napakasaya kong malaman na . . . Kung papaanong nahabag nang husto ang Diyos sa atin na ipinakita Niya ang bagay na iyon sa kinabubuhayan nating panahon? Aba'y, tulad ito ng sinabi ni Jesus, "Ibinenta ng isang lalaki ang lahat ng mayroon siya upang mabili niya ang diamanteng ito." Isusuko mo ang mundo, ang mga bagay ng sanlibutan, at lahat ng ukol sa iba pang bagay, makamit mo lang ito. Tama, ikakabit mo ang buong angkla mo ro'n. Angkla ng iyong kaluluwa ang makita ang kapahayagan ng Kaniyang Salita.

43 Ngayon, sinumang bumasa nito ay pinagpala. Tama ba? At sinabi natin kaninang umaga, kung hindi ka makabasa, sinumang duminig nito ay pinagpala. Ngayon, nag-umpisa ito na may basbas maging sa mga uupo lamang at makikinig sa pagbasa nito, at susumpain ang sinumang magtatangkang magdagdag ng anuman Dito o magbawas ng anuman Dito. Samakatuwid kung ipinahahayag na malinaw ng Biblia na si Jesus ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, sa aba ng sinumang mag-aalis nito diyan. Siya nga. Isa itong kapahayagan. Sinumang magdagdag ng anuman . . . Ito ang kumpletong aklat ng kapahayagan; ito ang huling Aklat ng Diyos, ang huli Niyang Salita, ang huli Niyang . . . At anumang kapahayagang dumating na salungat diyan, ay galing sa isang bulaang propesiya; hindi iyon sa Diyos, sapagkat Ito ang Katotohanan. 77 At alalahanin n'yo, ito ang tanging Aklat sa Biblia na enundurso mismo ni Cristo. Isipin n'yo iyon. Ang tanging Aklat nagpapahayag ng Kaniyang Sarili, ang tanging Aklat na tinatakan Niya ng Kaniyang Selyo, at ginawaran

Niya ng Kaniyang mga pagpapala at mga sumpa: mga pagpapala sa mga tatanggap nito, sumpa naman para sa mga hindi tatanggap nito.

44 Ngayon. Ngayon, pupunta na tayo sa Isla ng Patmos upang makapagsimula, sa ika-9 na talata. Una ay nais nating sabihin na ito'y . . . Ang titulo nito ay "Ang Pangitain sa Patmos." Naganap ito noong A.D. 95 at 96. Ang lugar na ito ay nasa Isla ng Patmos. Ang lokasyon nito ay tatlumpung milya mula sa baybayin ng Asia Minor, sa bandang Kanluran, kaharap ng igleisang Efeso, sa Aegean Sea katabi ng Mediterranean. Iyan ang posisyon nito. 79 Isipin n'yo. Ngayon, isa itong maliit na isla na nakapuwesto ng tatlumpung milya mula sa dalampasigan ng Asia Minor, sa Aegean Sea. Kaharap na kaharap ng iglesiang Philadel—o ng iglesiang Efeso, kung saan ibinigay ang unang mensahe, at pinagpapastoran ni Juan nung panahong iyon. Sa ibang salita, paglingon niya sa silangan tumbok ng paningin niya ang kaniyang iglesia, kung saan siya nanggaling. At ang unang mensahe ay sa kaniyang iglesia, na kumatawan sa isang kapanahunan ng iglesia. Tama, ang pangitain ay ipinagkaloob kay Saint John the Divine, na siyang pastor ng iglesiang Efeso sa panahong iyon

45 Ano ang kundisyon kung gano'n ng panahong ito? Nasaan ito at ano ang kundisyon nito? Sige. Kilala ito sa kasaysayan bilang isang mabatong isla na puno ng mga ahas, iskorpiyo, bayawak, at iba pa. Tatlumpung milya ang laki nito paikot at puno ng mga bato. Ginamit iyon nung panahon ni Juan, na parang Alcatraz, isang lugar kung saan ang mga ipinatapong kriminal ng emperador ng emperiong Romano, na talagang pusakal na mga kriminal, na hindi nila maihimpil sa ibang mga kulungan, ay inilalagay sa islang iyon upang mamatay: sila'y ipinipiit nila roon hanggang mamatay. 81 Katanungan: Bakit naroroon si Juan. Isang makadiyos na lalaki, isang matuwid na tao, isang lalaking may magandang reputasyon, mabuti ang pagkatao, hindi nasangkot sa anumang kaguluhan, bakit naroroon ang lalaking ito? Ang sabi ng Biblia, "Dahil sa Salita ng Diyos at sa patotoo ni Jesus Cristo."

46 Ngayon, nakuha na natin ang tagpo: Sa Isla ng Patmos sa Aegean Sea, tatlumpung milya ang layo mula sa dalampasigan, humigit-kumulang tatlumpung milya ang laki nito paikot, mabato, puno ng mga bayawak at iskorpiyo at iba pa, at ginagamit bilang bilangguan tulad ng Alcatraz. Kapag mayroon silang presong hindi nila mapiit sa kulungan, kanilang . . . Dahil isang pusakal na kariminal, siya'y inilalagay nila sa Alcatraz.

At ngayon kinuha nila itong si Saint John the Divine, ang huling natira sa mga disipulo, at ang nag-iisang namatay sa natural na kaparaanan . . . Si Juan, bago mapunta sa isla ay naakusahang isang mangkukulam, at siya'y pinakuluan sa isang tankeng puno ng grasa sa loob ng bente kuwatro oras nang hindi napaso. Hindi mo maaaring pakuluan ang Espiritu Santo para maalis sa isang tao . . . ? . . . Apoy Ito Mismo. Pinakuluan siya ng bente kuwatro oras sa isang tankeng puno ng grasa, nang hindi nasaktan. At ang sabi, ang ibinigay na dahilan ng mga Romano ay mangkukulam daw kasi siya at inorasyonan niya ang grasa. Kita mo nga naman ang maaaring isipin ng karnal na pag-iisip.

47 Ngayon, naiintindihan n'yo na ba, na kapag tinatawag nila tayong mga mambabasa ng kaisipan, at manghuhula, nakikita n'yo na ba kung saan nanggaling ang matandang espritung iyon? Ngunit nakikita n'yo na ba kung saan nagmula ang tunay na Espiritu? Sa kapanahunan ng iglesia. Kita n'yo? Bente kuwatro oras siyang pinakuluan sa mainit, at kumukulong grasa at ni hindi siya napaso. Oh, lubos siyang binakuran ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu Santo. Hindi pa tapos ang kaniyang gampanin. 84 Ipiniit nila siya sa isla ng Patmos sa loob ng dalawang taon. At nang mapag-isa siya doon ng Diyos, isinulat niya ang Aklat ng Apocalipsis ayon sa ipinahayag sa kaniya ng Anghel ng Panginoon. At pagkatapos na pagkatapos no'n, nagbalik siya sa lupang tinubuan at pinastoran ang iglesia sa Efeso, at namatay, at inilibing sa Efeso: si John the Divine. 85

48 Oh, napakagandang tagpo nito ngayon. Tama, ang iglesia noon sa ilalim ni Juan, ay nasa ilalim ng dakilang pag-uusig, ayon sa sulat ni Juan sa ika-9 na talata: Akong si Juan, na inyong kapatid, sa kapigha . . . at inyong karamay sa kapighatian at sa kaharian at sa pagtitiis na kay Jesus, ay nangasa pulo na tinatawag na Patmos, dahil sa salita ng Dios at sa patotoo ni Jesus Cristo. Sa ibang salita, kinuha niya ang Salita ng Diyos at pinatunayan niya, na iyon nga ang Salita ng Diyos, at si Jesus ay tumugon sa pamamagitan niya at pinatotohang tama siya. Hayan. Ang Salita ng Diyos ay naipahahayag sa kaniya, nagpapatunay na siya ay lingkod ng Diyos. At hindi nila iyon maipagkaila, kaya't napuwersa silang akusahan siya na siya ay isang mangkukulam; kinulam niya ang grasa, upang hindi siya masaktan, at inorasyonan niya ang mga tao at hindi naman talaga sila napagaling; at isa siyang manghuhula na hindi kayang—isang uri ng masamang tao, na may masamang espiritu, maruming espiritu. At iyon ang dahilan kaya siya'y inilagay nila ro'n, inisip nilang mapanganib na makasama

siya ng lipunan. Ngunit tinutupad niya lang ang kalooban ng Diyos, at may layunin ang Diyos sa lahat ng kundisyong iyon.

49 Hindi Niya siya magamit dahil sa mga pag-uusig at iba pa, sapagkat nagsisidatingan ang mga banal, "Oh, Brother John, ano'ng gagawin namin tungkol dito? At ano ang gagawin namin?" 88 Si Juan ay isang propeta; alam natin 'yon. Tanong sila nang tanong ng mga katanungang ito, kaya't kinailangang

ipadampot siya ng Diyos sa Emperiong Romano at ipinalagay siya doon isla. At ang sabi Niya, "Ngayon, halika Juan, nais kong magpakita sa'yo ng isang bagay na magaganap." Ang huling natira sa mga apostol, wala nang iba pang makapagsusulat nito kundi si Juan. Kaya't siya'y inilagay nila sa Isla ng Patmos mula A.D. 95 hanggang A.D. 96. at isinulat niya ito, ang sabi niya: Ako ay inyong kapatid, at karamay sa kapighatian, . . . 89 Ngayon hindi ang dakilang kapighatian ang tinutukoy niya. Hindi iyon ang dakilang kapighatian, at hindi iyon darating sa iglesia. Ang dakilang kapighatian ay darating sa Judio, hindi sa iglesia. Kaya't hindi iyon ang kapighatian, ang dakilang kapighatian.

50 Ngayon, ang ika-10 talata: Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, at narinig ko sa aking likuran ang . . . tinig, . . . tulad sa isang pakakak, Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, . . . 91 Ngayon, wala kang magagawang anumang mabuti malibang mapasa Espiritu ka muna; hindi ka maaaring gamitin ng Diyos. Ika'y—ika'y— ika'y—ika'y . . . Lahat ng iyong mga pagsisikap ay walang kabuluhan malibang gawin mo ito sa Espiritu. "Kung ako'y aawit, aawit ako sa Espiritu. Kung ako'y mananalangin," ang sabi ni Pablo, "mananalangin ako sa Espiritu." At kung mayroong anumang bagay na dadaan sa iyo na mabuti, kinakailangang ipahayag ito ng Espiritu at pagtibayin ng Salita, at ipamalas ng mga resultang ibinubunga nito.

51 Ngayon, tulad ng, sa ibang salita, kung sasabihin ko, ipinangako ni Jesus Cristo sa Kaniyang Salita na kung ako'y magsisisi, at magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, tatanggapin ko ang kaloob ng Espiritu Santo. At ang unang dapat kong gawin ay ang magsisisi. Nahayag sa akin na totoo iyon. Pagkatapos ay magpapabautismo ako sa Pangalan ni Jesus Cristo; at ang magiging resulta ay ang pagtanggap ko ng Espiritu Santo.

Kung ako ay may sakit, at ipinangako Niya sa akin na kung ako'y mananampalataya at magpapapahid ng langis at magpapapanalangin sa mga matatanda sa iglesia, ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa may sakit. "Panginoon, sumasampalataya ako. Sinusunod ko ang Iyong mga utos, at si Brother Neville na mananalangin sa akin ay magpapahid sa akin ng langis . . ." Tapos na iyon, humayo ka na; tapos na ang lahat.

52 Oh, sasabihin mo, wala namang nabago sa pakiramdam mo. Si Jesus ay hindi pa isinisilang . . . Nang paslangin Siya ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan, nung Siya ang Cordero ng Diyos, na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan. Ngunit sa kaisipan ng Diyos, naganap na Niya iyon. Wala pa rin ako rito no'n; ganun din kayo. Ngunit sa Aklat ng Diyos, kung nakasulat do'n ang mga pangalan natin, nailagay 'yon bago pa itatag ang sanlibutan. 95 Kapag nagsabi ang Diyos ng anumang bagay, magaganap at magaganap ito. Kaya't kapag nakatagpo mo ang mga kuwalipikasyon ng Diyos, alalahanin mo lang, ipahahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili at Siya na ang bahala sa iba pa; basta't humayo ka nang tulad sa isang natapos na gawa. Oh, hindi ba't kahanga-hanga 'yon? 96 Ay, naku, isipin n'yo. Sabihin mo lang sa Diyos. Ang sabi ng Diyos, "Gawin mo ang ganito, at gagawin Ko ang ganito." Buweno, kung gagawin ko ang ganito, tiyak na gagawin Niya ang ganu'n."

53 Ngayon, ang sabi ng diablo, "Kita n'yo, pinagtatagal Niya." Hindi mahalaga iyon. Minsan ay nanalangin si Daniel, at inabot ng dalawampu't isang araw bago nakarating ang Anghel sa kaniya; ngunit hindi siya pinanghinaan ng loob; alam Niyang darating Siya sa kung anong paraan, kaya't naghintay lang siya hanggang makarating Siya. Tama. Oh, diyan kayo nakakakuha ng pananampalataya.

54 Ngayon, napasa Espiritu siya bago mangyari ang anupamang bagay. Ang unang ginawa niya, nang siya'y nasa islang kung tawagin ay Patmos (lahat ng mga bagay na ito na ginawa niya), ang sabi niya, "Nakarinig ako ng isang tinig," at lahat ng iba pang mga bagay na ito. Ngunit bago maganap ang anumang bagay, siya ay napasa Espiritu. At kung mapapansin n'yo sa inyong Biblia, malaking letra iyon na Espiritu: Banal na Espiritu. Amen. Siya ay napasa Espiritu. Oh, sadyang kahanga-hanga 'yon sa palagay ko. Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoo, . . . 99 Nang ano'ng araw? Nang araw ng Panginoon. Ngayon, hayan ang isang malaking usapin. Patahimikin nga natin iyan sandali. 100 Ngayon, tulad ng sinabi natin kaninang umaga, may ilang nagsabi na ang kapahayagan ng Mateo 17, ay si Pedro. Ang sabi ng iglesiang Catolico,

"Itinatag Niya ang Kaniyang iglesia kay Pedro; siya ang unang papa." Papaano siya magiging papa na siya ay may asawa? Kita n'yo? At ang sabi pa, "Si Pedro ay nagpunta sa Roma, at inilibing doon sa . . ." Kung gayon ay sabihin n'yo sa akin kung saan, sa kasaysayan o saan man, na si Pedro ay nagpunta sa Roma. Kita n'yo? Si Pablo ang nagpunta ro'n, ngunit hindi si Pedro. Tama.

55 Kaya't nakita natin na ang lahat ng mga ismong ito at iba pa ay palihim na nakapasok. Kita n'yo? Ngunit ang mga tao sa araw na ito . . . Saan man kayo magtungo, sila'y . . . May malaking iglesia na nag-iingat ng kung anong pakong galing sa Kaniyang kamay. Alam n'yo ba kung gaano karaming pako ang mayroon sila, mga napatunayang pako na nasa kanilang pangangalaga sa araw na ito? Labing siyam. May mga buto sila; may mga balabal sila, at mga hawakan at puluhan. At wala tayo ng mga gayong bagay; hindi natin iyon kailangan. Si Cristo ay buhay. Siya ang nasa atin, hindi ang kung anong pako, o piraso ng tela, o piraso ng buto, o kung ano pa. Siya ang buhay na Diyos, na nananahan sa atin ngayon,

ipinamamalas ang Kaniyang Sarili. Isang bagay lang ang nagsisilbing alaala para sa atin; iyon ay ang Huling Hapunan ng Panginoon, ang komemorasyon ng Kaniyang kamatayan. Ngunit patungkol kay Cristo Mismo, Siya ay kasama natin at sumasaatin. At iyon ang bagay na nais nating iwagayway (ang kaluwalhatian ng Espiritu Santo) sa sanlibutan, iwagayway natin iyon hanggang maglaho na ang Liwanag. Tama.

56 Ngayon, ang . . . Kaya't, kita n'yo, pumanig tayo sa kabilang banda ng daan. Alam n'yo dati pa ay sinisikap ko nang magkaganito, at ito palagi ang inihahayag sa akin ng Panginoon; mayroong dalawang kalabisan; ngunit sa gitna ng daan ay naroroon ang katotohanan. Napansin n'yo sa Isaias, kung saan ay sinabi Niyang magkakaroon ng isang lansangan: Isaias 35? At naaalala n'yo ba kung papaanong kinakanta dati ng mga mahal nating kapatid na Nazarene, alam n'yo na, ang "Ang Lansangan ng Kabanalan. Lansangan ng Kabanalan." Ngayon, kung babasahin n'yo nang tama ang inyong Biblia, hindi nito sinasabing, "ang lansangan ng kabanalan." Ang sabi Nito, "Magkakaroon ng lansangan at isang daan, at ito'y tatawaging," hindi lansangan ng kabanalan, kundi "daan ng kabanalan." Ang "at" ay isang pangatnig na tumatapos sa iyong pangungusap. Kita n'yo? "Magkakaroon ng isang lansangan at isang daan, at ito'y tatawaging daan ng kabanalan," hindi lansangan ng kabanalan. 103 Kita n'yo, ang daan ay ginagawa sa paraang . . . Ang isang magandang kalsada ay ginagawa na ang pinakamataas na bahagi nito ay ang gitna, sapagkat pinapadausdos nito ang mga basura sa magkabilang gilid. Ganu'n

'yon. Kapag ang isang tao ay tunay na lumapit kay Cristo, nakasentro ang kaniyang paningin kay Cristo. Kung medyo emosyonal siya, magiging panatiko siya. Kung medyo malamig naman siya, mapupunta naman siya sa kabilang banda at magiging isang pepino, sa bandang iyon (Kita n'yo?), intelektuwal. Ngunit ang pinakamahalagang bagay ay nasa kalagitnaan mismo ng daan, kung saan ay may sapat na Espiritung nanahan sa iyo upang panatilihin kang mainit at kumikilos (Amen.), ika'y may sapat na kaalaman upang mapanatili kang sumusunod sa Espiritu, at kumikilos ayon sa pagkilos ng Espiritu, hindi bago o pagkatapos; kundi kasabay ng pagkilos ng Espiritu.

57 Ang sabi ng iglesiang Catolico, "Ang kapahayagan na iyon ay si Pedro." 105 Ang sabi ng iglesiang Protestante, "Iyon ay si Cristo." 106 Ngunit itinuturo ng Bibliang iyon ay ang kapahayagan na ibinigay Niya (ipinagkaloob sa kaniya ng Diyos) tungkol kay Cristo. "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay." 107 "Pinagpala ka Simon, na anak ni Jona, hindi ito inihayag sa iyo ng laman at dugo, hindi ng tao, seminary, o monasteryo, o itinuro man sa iyo ng kung anong bagay. Kundi inihayag ito sa iyo ng Aking Ama na nasa langit, at ikaw ay si Pedro. " 108 "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban dito."

58 Ngayon, humantong na naman tayo sa isang dako kung saan makakukuha ka ng dalawang magkaibang ideya. Ngayon, maaaring mali ako; kung mali ako, patawarin nawa ako ng Diyos. Ngunit hindi ako sasang-ayon sa mga Seventh Day Adventist na nagsasabing si Juan no'n ay nasa ikapitong araw, ang araw ng Panginoon. Marami sa mga kapatid nating Seventh Day Adventist ang nagsasabing ang tinatawag niyang araw ng Panginoon ay ang Sabado. Ang tawag dito ng iglesiang Cristiano ay araw ng Panginoon, "ang Linggo, ang unang araw." At mapapansin natin na kadalasan—tinatawag pa rin ito sa araw na ito ng iglesiang Cristiano, ng mga Protestante na araw ng Panginoon, Linggo. Hindi iyon ayon sa Kasulatan. Ang Linggo ang unang araw ng sanlinggo sa Biblia, hindi ang araw ng Panginoon. At hindi rin naman ito ang ikapitong araw, Sabado. Imposibleng maging isa ito sa mga araw na iyon, dahil inabot si Juan ng dalawang taon upang maisulat ang Apocalipsis. Ano'ng araw ba iyon? Marami nang mga ikapitong araw at unang araw na nakalipas no'n.

59 Ang Biblia, ang Apocalipsis ay naisulat mula A.D. 95 hanggang 96, dalawang taon. Iyon ang araw ng Panginoon. Ang araw ng Panginoon ay ayon na ayon sa kung anong sinabi nito, at iyon na nga 'yon. Si Juan ay dinala sa

Espiritu patungo sa araw ng Panginoon. Ngayon ay araw ng tao, ngunit ang araw ng Panginoon ay darating. Hanggang sa dulo ng Kasulatan makikita natin na siya ay napasa araw ng Panginoon, naiangat sa Espiritu, at dinala sa araw ng Panginoon. Amen. Tama. Kita n'yo, siya ay napasa araw ng Panginoon. Nangungusap ang Biblia tungkol sa araw ng Panginoon. Pupuntahan natin iyan sa loob ng ilang sandal, ang maraming Kasulatang iyon.

60 Una, ang araw ng sabbath, sa ating pangungusap tunkol dito, ang sabbath ay hindi pangingilin ng isang araw. Wala tayong utos na ipangilin ang Sabado bilang sabbath. Wala tayong utos na ipangilin ang unang araw bilang sabbath sa Bagong Tipan. Ang sabi ng Biblia sa ika-4 na kabanata ng Hebreo, "Kung napagkalooban na sila ni Josue ng kapahingahan, hindi na siya mangungusap pa ng ibang araw." Tama. "Ngunit may natitirang isang kapahingahan, o isang pangingilin ng sabbath, para sa bayan ng Diyos. Sapagkat tayo rin naman na mga nagsisampalataya ay pumasok sa Kaniyang kapahingahan, at tumigil na sa ating mga gawa tulad ng ginawa ng Diyos." 112 Masdan n'yo. Oh. Purihin ang Panginoon. Sadyang napapasarap ang aking pakiramdam; nauunahan ko ang aking sarili.

61 Pansinin, sa araw ng sabbath . . . Nilikha ng Diyos ang mundo sa loob ng anim na araw, at sa

ikapitong araw ay nagpahinga Siya at hindi na muli pang gumawa ng daigdig. At ibinigay Niya ito sa mga tao bilang isang alaala. Mangyari hindi n'yo ito maipangingilin ngayon, sapagkat habang ipinangingilin n'yo ang sabbath dito, sa kabilang bahagi ng mundo ay Linggo na naman. Kita n'yo? Kaya't naipakitang para ito sa isang grupo ng mga tao, sa isang lugar at panahon para sa Israel. Ngunit may nalalabi pang isang pangingilin ng Sabbath para sa bayan ng Diyos. Sapagka't tayong nagsisisampalataya ay nagsisipasok sa kapahingahang yaon, . . . bagama't ang mga gawa ay . . . (Sinisipi ko ang ika-4 na kabanata ng Hebreo.) . . . bagama't ang mga gawa ay nangatapos mula nang itatag ang sanglibutan. Sapagka't sa isang dako ay sinabi niya ang ganito, . . . sa ikapitong araw . . . Ay muling nagtangi siya ng isang araw, na sinabi sa mga awit ni David, . . . (Isulat n'yo ito, Hebreo 4) Ay muling nagtangi siya ng isang araw, Ngayon pagkatapos ng ilang panahon na sinabi sa mga awit ni David, Ngayon kung maririnig ninyo ang kaniyang tinig, Huwag ninyong pagmatigasin ang inyong mga puso. Sapagka't kung ibinigay sa kanila ni Josue ang (araw ng) kapahingahan, . . . hindi na sana niya sasalitain pagkatapos ang ibang araw.

May natitira pa ngang isang pamamahingang sabbath . . .

62 Ang salitang "kapahingahan" . . . Ang "Sabbath" ay isang banyagang salita sa atin, na ang ibig sabihin ay "kapahingahan." Isa itong salitang Hebreo na nangangahulugan ng isang "araw ng kapahingahan," isang araw ng sabbath; hindi ka gagawa; ika'y magpapahinga. Sapagka't kung ibinigay sa kanila ni Josue ang kapahingahan, . . . hindi na sana niya . . . ipinangusap ang ibang araw. May natitira pa ngang . . . isang kapahingahan (pangingilin ng Sabbath) sa bayan ng Diyos. Sapagka't tayo na pumasok sa kaniyang kapahingahan . . . nagpahinga na sa ating mga gawa, gaya ng Dios sa kaniyang mga gawa. 115 Hindi na natin ito babalikan sa susunod na araw ng linggo upang magsimulang muli; pumasok na tayo sa isang kapahingahan. Sa pahayag ni Jesus tungkol sa pagpapala, ang sabi Niya, "Narinig n'yong sinabi nila nung araw, 'Huwag kang papatay.' Sinasabi Ko sa inyo; sinoman ang mapoot sa kaniyang kapatid nang walang kadahilanan, ay pumatay na. Narinig n'yong sinabi nila nung araw, 'Huwag kang mangangalunya.' (Iyon ang utos.) Ngunit sinasabi ko sa inyo, sinumang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa sa kaniya ay nangalunya na sa kaniyang puso." Tama ba?

63 Kaya't ang lahat ng mga bagay na ito ay mga alaala, mga tanda lamang, mga kababalaghan, na naghihintay sa pagdating ng tunay na panahon. Ngayon, nang tapusin iyon ni Jesus, sa Mateo 11 (ang pahayag ng mga pagpapala), ang sabi Niya, Magsiparito sa Akin, kayong lahat na nangapapagal . . . (pagod) at . . . nangabibigatang lubha at bibigyan Ko ng kapahingahan ang inyong kaluluwa. Pasanin ninyo ang Aking pamatok, at mag-aral kayo sa Akin; sapagkat't Ako'y maamo at mapagpakumbabang puso . . . (Tama ba?) Magsiparito sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at . . . nangabibigatang lubha, at bibigyan Ko ng kapahingahan ang inyong kaluluwa. "Kung nagpagal kayo ng isang araw, sampung araw, limang taon, tatlumpu't limang taon, limampung taon, siyamnapung taon, at kayo'y pagod na't napapagal, magsilapit kayo sa Akin, bibigyan ko kayo ng kapahingahan. Kukunin Ko lahat ng pasanin ng kasalanan sa inyo, at Ako'y mananahan sa inyo, at magkakaloob ng ganap na kapahingahan at kasiyahan."

64 Ngayon, ano ang kapahingahang iyon? Sagutin nga natin ito nang kaunti, tignan natin kung ano ito. May ilan sa kanila na nagsabi, "Aba'y, sumanib ka sa iglesia." Hindi. "Ilagay mo ang iyong pangalan sa aklat." Hindi. "Buweno, isa itong uri ng bautismo." Hindi. Sagutin nga natin at tignan kung ano ba iyon. Nais n'yo bang gawin natin iyon ngayon habang naghihintay tayo? Titignan natin kung saan nagpunta si Juan, sa ano'ng uri ba ng araw siya nagpunta? 118 Nang mamatay si Jesus sa lupa, at natapos na ang Kaniyang gampanin, pumasok Siya sa kung saang lugar.

65 Ngayon, magbalik tayo sa ika-28 kabanata ng Isaias at sa ika-8 talata, sa wari ko, Isaias 28:8. At ating basahin: sa Isaias 28, nangusap ang propeta pitong daan at labindalawang taon bago ito maganap. Ngayon, ilan ang nais na makaalam kung ano ba ang tunay na sabbath, ang tunay na kapahingahan? Narito. Ngayon, dito iyon ipinangusap ng propeta, at ipapakita ko sa inyo kung saan ito natupad. Masdan n'yo, Isaias 28:8. Sapagka't lahat . . . (Inihuhula ng propeta ang tungkol sa mga araw na ito) . . . sapagka't lahat ng mga dulang ay puno ng suka, at ng karumihan, . . . (nangungumunyon ang mga taong naninigarilyo, umiinom ng alak, at nagsisinungaling, at nagnanakaw) . . . na anopa't walang dakong malinis. Kanino siya magtuturo ng kaalaman? . . . (Sinong maaari mong turuan ng kaalaman sa araw na ito?)

66 Ilan ang nakarinig kay Billy Graham ngayong araw na ito? Napakagandang sermon ang ipinangaral niya tungkol sa kung papaanong may mga taong naniniwala sa kasinungalingan at nananatili sa kasinungalingang iyon at pinangangatuwiranan pa ang kanilang mga sarili at inaakalang tama ang kanilang ginagawa. Tinatanggap ng madlang Amerikano, aniya, ang kasabihang, "Panala ng lalaking marunong, at ang sigarilyo ng lalaking mahilig manigarilyo," tinatanggap ang isa sa mga kasinungalingan ng diablo, at sa halip na gawing hangal ang sinumang humihithit ng gayong bagay ay ginagawa pang isang marunong na lalaki. Hangal siya kung hihithitin niya ito, dahil puno ito ng kamatayan at cancer at iba pa, pagkatapos ay inilalagay niya pa rin sa kaniyang baga. Isa siyang hangal, hindi ito panala ng isang marunong na lalaki; walang ganu'n. Hindi gumagamit ng ganung bagay ang isang marunong na lalaki. 121 "Walang buhay malibang ito'y Oertel's 92," o parang ganiyan. Walang Buhay sa labas ni Cristo;

iyan ang talagang tunay na Buhay. Bakit iniinom ng mga kalalakihan at kababaihan ang gayong bagay? Sapagkat sinusubukan

nilang ibsan ang kauhawan na inilagay ng Diyos sa kanilang kalooban upang mauhaw sa Kaniya, at sinisikap nilang ibsan ito sa pamamagitan ng mga bagay ng sanlibutan. At iyan ang dahilan kaya't mayroon tayong ganu'ng mga bagay. Iyan ang dahilan kaya't umaasta ang mga tao ng ganu'n, dahil sinusubukan nilang patirin ang uhaw na nasa kanilang kalooban para sa Diyos, at binibigyan sila ng kamatayan ng diablo sa halip na Buhay.

67 . . . lahat ng mga dulang ay puno ng suka . . . Ang mga mangangaral, at iba pa ay nangungusap tungkol dito, "Ayos lang na magkaroon ng munting malinis na kasiyahan." Walang ganu'n. Kanino siya magtuturo ng kaalaman? At kanino niya ipa . . . ipatatalastas ang balita? Silang nangalayo sa gatas, at nangahiwalay sa suso. (Ngayon ay hindi na tayo mga sanggol.) Sapagka't utos at utos, utos at utos; bilin at bilin, bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti: Hindi, kundi sa pamamagitan ng mga taong may ibang pangungusap at may iba't ibang wika ay sasalitain niya sa bayang ito. Na kaniyang pinagsabihan, Ito ang . . . (Ano? Pamamahingang-sabbath.) . . . kapahingahan, papagpahingahin ninyo siya na pagod . . . ("Magsiparito kayo sa Akin, lahat kayong nangapapagal at nangabibigatang lubha.") . . . papagpahingahin ninyo siya na pagod; at ito ang kaginhawahan: gayon ma'y hindi nila pinakinggan. 123 Kailan iyon nangyari? Pagkatapos ng pitong daan at labindalawang taon nang sa araw ng Pentecostes ay lumukob ang pautal-utal na pananalita sa mga tao, at napuspos silang lahat ng Espiritu Santo, at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, at kinubkob ng Diyos ang kanilang mga buhay, at sila'y nagsitigil sa kanilang mga makamundong bagay. At sila'y pumasok sa isang kapahingahan na kasama si Cristo. Sinabi ni Pablo sa ika-4 na kabanata ng Hebreo, na tayong mga nagsipasok sa Kaniyang kapahingahan ay tumigil na sa lahat makamundong mga gawa tulad ng ginawa ng Diyos nung panahon ng Kaniyang paglikha; pumasok Siya sa Kaniyang kapahingahan, at tayo ay pumapasok na kasama Niya samantalang ang ating mga makamundong gawa ay natapos na. Hayan ang inyong talagang tunay na Sabbath.

68 Kaya't si Pablo ay iniangat at napasa Espiritu ng Sabbath, at inilipat ng Espiritu Santo hanggang sa araw ng Panginoon.

Bakit may mga digmaan tayo? Bakit may mga kaguluhan tayo? Bakit naglalaban ang bansa sa bansa? Dumating si Jesus, ang Prinsipe ng Buhay, pagkatapos Siya'y pinatay nila. 126 Dito ilang linggo pa lang nakararaan, o maging hanggang ngayon, may mga reindeer at Santa Claus, at mga jingle bell, at lahat ng uri ng mga bagay na nakasabit, at ito'y paganong seremonya. Isa itong bagay na nagmula sa iglesisang Catolico. Nagbabayad ang mga tao nang napakamamahal at nakikipagpalitan ng mga regalo at iba pang tulad niyan, pagano. Ang Pasko ay isang araw ng pagsamba.

69 At siya nga pala, si Cristo ay hindi rin isinilang ng Disyembre 25. Hindi maaari. Kung nakarating na kayo sa Judaea, ang mga burol ay puno ng niebe, mas malala pa kaysa rito: Siya ay isinilang ng Abril kung kailan ang lahat ng kalikasan ay isinisilang. 128 Ngunit ito'y isang tradisyon. At bakit natin ginagawa ang mga bagay na iyon? Sapagkat sinusunod natin ang mga tradisyon ng tao kaysa sa mga kautusan ng Diyos. Kaya nga ang ganung bagay ay walang kabuluhan, ngunit ginagawa lang nila itong araw na pangkomersyo. Kahiya-hiya ito, isang kahihiyan na gawin nila ang gayong mga bagay. Isang paganong seremonya: kailan pa nagkaroon ng kinalaman si Santa Claus kay Jesus? Kailan pa nagkaroon ng kinalaman ang Easter rabbit o ang isang manok, na kinulayan ng kung anong tinta, o ang isang uri ng maliit na kuneho sa pagkabuhay na muli ni Jesus Cristo? Hindi n'yo ba nakikita kung papaanong ang daigdig ng komersyo ay . . . 129 Iyan ang dahilan kaya't naibebenta nila ang mga rock-and-roll na mga librong ito, at maruruming litrato, at mga bulgar na mga bagay na tulad niyon, sapagkat labis na pinananabikan ng kalikasan ng mga tao ang gayong walang kabuluhang mgs bagay. Dahil may mali sa kanilang puso; hindi pa sila nakapapasok sa kapahingahang iyon kasama ng Diyos upang matigil sa mga bagay na ito. Kapag nakapasok na sila ro'n at natanggap ang Espiritu Santo, kung magkagayo'y tapos na sila sa sanlibutan at mga bagay ng sanlibutan.

70 Inilipat siya ng Diyos. Oh, hindi ako naniniwalang dinala siya tulad ni Pablo sa ikatlong langit at nakakita ng mga bagay-bagay. Tama, ganu'n ang ginawa dito ng mahal na Espiritu Santo ilang linggo na ang nakalilipas, pinakita sa akin . . . Sa ibang salita, natakot ako sa kamatayan, at dinala ako ro'n ng Espiritu Santo at ipinakita Niya sa akin kung ano ba iyon. Narinig n'yo na ang patotoo. At nang makabalik ako, ang sabi ko, "Kung gayon, kamatayan, nasaan ang iyong panusok?" Inilipat ako upang makita ko kung ano'ng nasa likuran ng tabing . . . Hinayaan Niya akong makabalik upang sabihin sa inyo na sa likuran no'n ay hindi tayo mga multo at espiritu; tayo'y

mga lalaki't babae, bata, hindi na mamatay, hindi na magkakasakit, sa likod lang tabing. Ang tanging magagawa ng kamatayan sa inyo ay ang haltakin kayo papasok sa dakong iyon.

71 Ngayon, si Juan ay nailipat mula sa Isla ng Patmos, sa Espiritu, patungo sa araw ng Panginoon. Ngayon ay araw ng tao, nag-aaway-away ang mga tao, ngunit ang araw ng Panginoon ay darating

kapag ang mga kahariang ito ay magiging mga kaharian na ng ating Panginoon at ng Kaniyang Cristo, pagkatapos ay magaganap ang dakilang milenyo. Ang araw ng Panginoon, ang araw ng Kaniyang pagdating, ang Kaniyang paghuhukom, iyon ang magiging araw ng Panginoon. 132 Ngayon ay araw ng tao; iyan ang dahilan kaya't pinagbabalibagan ka nila at ginagawa sa iyo kung ano'ng ibigin nila, ngunit darating ang panahon . . . Tinatawag kayong . . . Tinatawag nila kayo ngayong mga holy-roller at panatiko, ngunit darating ang panahon (Kita n'yo?), na hindi na nila gagawin iyon. Sila'y magsisisigaw at tatangis at magpapatirapa sa inyong paanan. Ang sabi ng Biblia, sa Malakias 4, na inyo pa ngang lalakaran ang mga abo ng masasama." Eksakto 'yon. Walang matitirang ugat o sanga, wala nang maaari pang balikan. At matatapos na sila. Ngayon, araw ito ng tao, mga kagagawan ito ng tao, mga gawa ng tao, iglesia ng tao, mga ideya ng tao, ngunit darating ang araw ng Panginoon.

72 Ngayon, siya ay napasa Espiritu sa araw ng Panginoon. Tama, at ang unang narinig niya nang siya ay mapasa Espiritu sa araw ng Panginoon . . . Ngayon, nasa ika-10 talata na tayo. . . . nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, at narinig ko . . . isang tinig, tulad . . . isang pakakak, 134 Huwag nating lampasan ang isa mang parabola. Kung kakailanganin nating talakayin bukas, maaari natin iyong talakayin. Kita n'yo? Matiyagan lang ng sinuman ang orasan, upang hindi ako gabihin. 135 Sige na, "nasa Espiritu nang araw ng Panginoon . . ." Ngayon, alalahanin, ang unang dapat mong gawin ay ano? Pumasa Espiritu. Papaanong darating ang mga kapahayagang ito sa iyo? Pumasa Espiritu ka. Papaano mo matatanggap ang Espiritu Santo? Pumasa Espiritu ka. Pumasa Espiritu ka. 136 Nung ikaw ay makasalanan pa at ikaw ay nagpunta sa sayawan, pumasok ka sa espiritu niyon. Ay, naku, nagsimula kang pumalakpak, at magpapadyak ng iyong mga paa, at mag-iindak, at ibinabato mo ang iyong sombrero sa sahig, at nagpapaikot-ikot kang parang hangal. Napasa espiritu ka niyon.

Maiisip n'yo ba ang isang tao, na gumon sa sayawan, na magsasabi, "Buweno, sa wari ko'y lahat kayo'y nasisiyahan nang husto." 137 "Oh," sasabihin nila, "ikaw na dekorasyon sa pader, lumabas ka nga rito." Kita n'yo?

73 Pag nagpunta ka sa isang laro, at may naka-home run, o anuman, pagkatapos ay uupo ka lang at titingin, at magsasabi, "Buweno, sa palagay ko'y ang galing no'n." Hindi, hindi ganu'n ang gumon sa baseball; hindi ka magiging tunay na . . . Hindi ka mapapasa espiritu ng baseball. 139 Kapag may naka-home run, magtitindig ka at sisigaw, "Whew. Naku. Panalo." Masagi mo man at matanggal ang sumbrero ng kung sino, walang magsasalita tungkol dito. 140 At sa simbahan kapag napasa Espiritu ka, tumatayo ka at sumisigaw, "Luwalhati. Alleluia. Purihin ang Panginoon." May lilingon at magsasabi, "Holy-roller." (Oh, Brother Wood . . .) Tatanungin ko kayo. Kung kami'y mga holy-roller dahil ginagawa namin iyon, kung gayon mga unholy-roller ang mga nandoon sa labas. Mas gugustuhin ko nang maging isang holy-roller (Kayo ba?) kaysa maging isang unholy-roller. Naku. Tunay nga. Ang mga unholy-roller . . .

74 Ngayon, napasa Espiritu siya. Napasa Espiritu siya, at nang magkaganu'n ay nagsimula mangyari ang mga bagay-bagay. At nang maparoon siya, nakarinig siya ng isang pakakak. Ngayon, ang isang pakakak sa tuwina ay nagpapabatid ng pagdating ng isang bagay. Tulad ng kapag ikaw ay dumating . . . Kapag paparating ang hari, magpapatunog sila ng isang pakakak. At ngayon, may isang bagay na dumarating; si Juan ay napasa Espiritu at nakarinig siya ng isang pakakak. Nakarinig siya ng isang pakakak, at lumingon siya upang tignan kung ano'ng nasa likuran niya nang marinig niya ang pakakak, matapos na mapasa Espiritu siya.

75 Marahil ay nagsasasayaw siya, naglululundag, patakbo-takbo sa islang iyon. Labis siyang nasiyahan; siya ay napasa Espiritu. Kaya't siya'y . . . Marahil ay parang paglalapastangan iyon, ngunit ganu'n ang ibig kong sabihin. Kita n'yo? Maaaring ganu'n ang ginawa niya. Iyon ay . . . Marahil ay ganu'n nga ang ginagawa niya. Naniniwala akong labis siyang nasisiyahan sa Espiritu, basta't pinupuri niya ang Diyos; sapagkat ganu'n nga ang nangyari sa kanila nang ang Espiritu ay lumagpak sa kanila nung pasimula. Nang lumagpak sa kanila ang Espiritu Santo, nagpasuray-suray silang parang mga lasing na lalaki't babae, at umasta silang parang mga lango, at pautal-utal ang pagsasalita, at nagwawala hanggang sa sabihin ng mga tao, "Ang mga taong ito ay puspos ng bagong alak." Ganu'n sila umusta nung unang pagkakataon.

Kaya't nang dumating muli ang Espiritu marahil ay ganu'n din ang inasta niya. Kita n'yo? Walang bago dito—sa bagay na ito; ito ay isang matagal nang relihiyon. Opo.

76 "Nasa Espiritu nang araw ng Panginoon . . ." Ngayon, naririnig natin iyon. Ngayon, ano? Ano'ng nangyari sa kaniya? Nailipat siya mula sa isla, sa Espiritu, patungo sa araw ng Panginoon. At pagdating na pagdating niya sa araw ng Panginoon, nakarinig siya ng isang pakakak. Ano iyon? May Isang dumarating. May Isang Dakilang dumarating. Tumunog ang pakakak, may Isang dumarating. Lumingon siya. Alleluia. . . . pakakak, 144 Na nagsasabi, Ako ang Alpa at ang Omega, ang una at ang huli: . . . (Hm. Hindi ito pag-aanunsyo ng ikalawang persona, o ng ikatlong persona, kundi ng nag-iisang persona. "Ako'y kapuwa Alpa at Omega; bago ko ipakita sa iyo ang anumang bagay, nais kong ipaalam sa iyo kung Sino Ako." Amen.) Ang pinakadakila sa lahat ng mga kapahayagan ay ang Pagkadiyos, ang Kataastaasang Pagkadiyos ng ating Panginoong Jesus Cristo. Hindi ka makakarating sa first base malibang paniwalaan mo iyan, lakaran . . . Ganu'n ang sinabi ni Pedro, "Magsisi kayo, at makikita n'yo ang

Pagkadiyos. Magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at pag nagkagayon handa na kayong mapasa Espiritu.” Ang unang dapat mong malaman ay ang Pagkadiyos ni Cristo. “Ako ay ang Alpa at Omega. Ako'y A hanggang Z; wala nang iba maliban sa Akin. Ako ay naroon sa pasimula; Ako'y maparoroon sa katapusan. Ako Yaong nakaraan, ang kasalukuyan, at ang darating, ang Makapangyarihan sa lahat.” Isipin n'yo ito. Iyon ang sabi ng pakakak.

77 Magmatiyag ka Juan. Nakapasok ka na sa Espiritu Santo. May maihahayag sa iyo. Ano iyon? May pakakak na tumunog, ang una niyang narinig, “Ako ang Alpa at Omega.” Ang una sa lahat ng mga kapahayagan. (Oh, makasalanan, yumuko ka, magsisi ka na ngayon bago mahuli ang lahat.) “Ako ang Alpa at Omega.” Ang unang bagay na ipinaalam Niya sa kaniya ay kung Sino Siya. (Sino itong dumarating? Si Haring Jesus ba ito? Ang Haring Diyos? Ang Haring Espiritu Santo?) Ang sabi Niya, “Ako ang lahat-lahat. Ako ang mula sa A hanggang sa Z. Ako ang Pasimula at ang Wakas. Ako ang imortal at eternal na Isang iyon.” 146 Maya-maya lang ay mamasdan natin Siya sa Kaniyang pitong luping Personahe, masdan n'yo kung Ano Siya sa pagkakataong iyon. Kita n'yo? “Ako ang Pasimula at ang Wakas. Ako ang Alpa at Omega, ang Una at ang Huli. Ako ay naroroon na bago magkaroon ng una; at matapos na mawalan na ng panghuli, mapaparoon pa rin Ako,” sa ibang salita, “Ang Una at ang Huli.”

. . . at, Ang iyon nakikita , ay isulat mo sa isang aklat at iyong ipadala . . . sa pitong iglesia; sa Efeso, . . . Smirna, . . . Pergamo, . . . Tiatira, . . . Sardis, . . . Filadefia, at sa Laodicea.

78 Tama, ang una sa lahat ng mga kapahayagan ay ang Kataas-taasang Pagkadiyos ni Jesus Cristo. Dapat ay malaman mo kung Sino Siya kapag narinig mo ang tinig (Tama.), ang tinig ding iyon na narinig sa Bundok Sinai, ang tinig ding iyon na narinig sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, Siya rin, ang Isang tulad sa Anak ng tao. 148 Ngayon, masdan n'yo ang kasunod na talata. Sige. At ako'y lumingon . . . (sa ika-12 talata na) 149 Hindi muna natin tatalakayin ang mga iglesiang ito, sapagkat ang buong linggong darating ay patungkol sa mga iglesia. Kita n'yo, kaya't lalampasan na lang natin iyan. 150 Ngunit ang sabi Niya, “Ang mga . . . Uutusan Kitang ipadala mo ang mensaheng ito na ipinapakita Ko sa iyo.” Sino iyon? “Ako ang Una at Huli. Ako ang Kataas-taasan. Ako ang Makapangyarihan sa lahat. At pumarito ako upang sabihin sa iyo na bibigyan Kita ng isang mensahe sa pitong iglesiang ito. Nais Kong isulat mo ito, ihanda mo.” Kita n'yo? “At ang pitong iglesia na nasa Asia . . .” Ngayon, sila'y mga iglesiang dating naroroon na may katangiang kumakatawan sa mga kapanahunan ng iglesiang paparating.

79 Ngayon. At ako'y lumingon upang makita ang tinig na nagsasalita sa akin. At nang ako'y lumingon ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto; 152 “Seven golden candlesticks.” Ngayon, ito'y ang . . . Ang King James version, at marahil ay mayroon kayong Scofield o kaya ay Thompson Chain, o iba pa, hindi ito tama. Hindi mga kandila ang ibig sabihin nito; ang ibig sabihin nito ay mga kandelero; kandilabra, sa paniwala ko, ang nararapat, at tamang salitang ginamit sa orihinal na salin. Kita n'yo, sa ibang salita, ang pitong kandelerong gintong ito ay pitong iglesia. Ang sabi Niya, di nagtagal pagkatapos niyon, dito sa ika-20 talata, “Ang nakita mong pitong kandelerong ginto ay pitong mga iglesia.” Kaya't, kita n'yo, kung iyon ay isang kandila, mabilis itong mauubos at mauupos. Ngunit hindi iyon mga kandila; iyon ay isang kandelero. Ang isinasaad nito ay isang kandelero. “Sa aking paglingon nakita ko ang Isang tulad sa Anak ng tao na nakatayo sa kalagitnaan ng pitong kandelero.”

80 Ngayon, ngayon, tignan n'yo. Ang kandila ay madaling mauupos; ito ay mamamatay; mauubos na iyon; sa loob ng ilang oras mauupos na iyon. Ngunit ang isang kandelero, ang isang kandelerong ganito . . . 154 Narito, kumuha tayo dito ng isang Kasulatan; kunin natin ang Zacarias 4:1, at pagkatapos ay marahil makukuha natin sa Zacarias kung anong kailangan natin. Zacarias 4:1, at sa paniwala ko maaaring mabuo natin ang ninanais natin. Hindi ko makita ang Zacarias sa Zefanias, puwede ba iyon? Sige. Sige. Gastado na ang aking lumang Biblia. Zacarias 4:1, makinig kayo nang husto ngayon; makakakuha kayo ng isang magandang larawan dito. At ang anghel . . . 155 Ang propetang ito, ngayon, ay nabuhay nang limang daan at labing siyam na taon bago dumating si Cristo . . . At ang anghel na nakipagusap sa akin ay bumalik, at ginising ako, na gaya ng tao na nagigising sa kaniyang pagkatulog, . . . (Ngayon, ang propeta ay nasa isang pangitain.) At sinabi niya sa akin, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako'y tumingin, at narito, isang kandelero . . . (Ngayon, iyon din ang salitang isinalin bilang kandilabra.) . . . na taganas na ginto, na may taza sa ibabaw, . . . (Iyon ay isang lamparahan.) . . . at ang pitong ilawan niyaon sa ibabaw, at may pitong tubo sa bawat isa sa mga ilawan na nasa ibabaw niyaon: (Kita n'yo, iyon din ang mga kapanahunan ng iglesiang paparating . . . Kita n'yo?) At may dalawang puno ng olibo sa siping niyaon, . . . (Ngayon, ano'ng uri ng . . . Ano ang ginagamit nila sa mga lamparang iyon nung mga panahon ng Biblia? May nakakaalam ba? Langis. Ano'ng uri ng langis? Langis ng olibo.) . . . dalawang puno ng olibo . . . (Ano 'yon? Ang Bago at Lumang Tipan; dalawang nakatayo sa siping Nito) . . . ang isa'y sa dakong kanan ng taza, at ang isa'y sa dakong kaliwa niyaon. At ako'y sumagot at nagsalita sa anghel na nakikipagusap sa akin, na aking sinabi, Anong mga bagay ito, panginoon ko? Nang magkagayo'y ang anghel na nakikipagusap sa akin ay sumagot na nagsabi sa akin, Hindi mo baga nalalaman kung ano ang mga ito? At aking sinabi, Hindi, panginoon ko. Nang magkagayo'y siya'y sumagot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Ito ang salita ng Panginoon kay Zorobabel, na sinasabi, Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking

Espiritu, sabi ng panginoon ng mga hukbo . . . (Ipanunumbalik Niya ang Jerusalem.)

81 Ngayon , ano ba ang isang kandelero? Ito ay isang kandilabara. At tignan n'yo kung gaano ito kaganda, nang siya ay lumingon, nakita niya ang Isang ito na tulad sa Anak ng tao na nakatayo sa kalagitnaan ng pitong kandelerong ginto, na nangangahulugan ng pitong kapanahunan ng iglesia na paparating. At ang bawat tubo, o—o kandelero ay nakakabit sa malaking lalagyan ng langis . . . At ang langis na ito ay umaakyat sa isang lamparang naroroon na kakatuwa ang hugis na may mitsa, at ang mitsang ito ay nakalundo sa langis. At habang . . . Binubuhusan nila ng langis ang ibabaw ng kandilabra, at napupuno ang pinakamalaking tubo, at ang malaking sanga habang ito ay dumadaloy papasok sa maliliit na tubo, na katulad nito. At ang lampara na may mitsang nakalundo—sa tubong ito papasok sa—ay nagdiringas araw at gabi. Hindi mo na ito kailangang sindihan; hindi it namamatay; basta't patuloy lang na sinasalinan ng langis ang pinakamalaking tubo. At ang mga kandilabrang ito ay lalabas nang ganito, may mga lamparang nakalagay sa ibabaw ng mga ito. Ang mitsa na galing sa lampara ay nakagapang papasok dito, kumukuha ng buhay mula rito. Oh, ibang-iba ito sa isang kandila. Ibangiba. Isa itong kandilabra, at ito'y humihigop ng langis.

82 Ngayon, ang mga kandelerong ito, ang apoy na nasa mga kandelerong ito sa Lumang Tipan . . . Kapag sinisindihan nila ang isang lampara, hindi nila maaaring sindihan ang kasunod na lampara sa pamamagitan ng apoy na hawak nila. Sinisindihan nila ang isang lampara, at pagkatapos ay ang apoy niyon ang kinukuha nila upang ipangsindi sa iba; at inilalapag nila ito, at sinisindihan ang lampara; at kinikuha iyon at sinisindihan ang lampara sa pamamagitan ng apoy na kanilang pinaringas sa umpisa. Oh, sana'y hindi ito lumampas sa inyong pang-unawa, "Si Jesus Cristo ay siya pa rin, kahapon, ngayon, at magpakailanman," iisang Apoy, Espiritu Santo, ang nagsindi ng bawat isa sa mga iglesiang iyon sa lahat ng mga kapanahunan.

83 Hindi ba't sinabi ni Jesus sa Juan 15, "Ako ang Punong kahoy ng ubas; kayo ang mga sanga"? Ngayon, Siya ang Puno; tayo ang mga sanga. Ngayon, hindi ang puno ang namumunga . . . 159 [Patlang sa tape—Ed.] . . . na maaari kayong kumuha ng isang punong citrus, tulad ng orange, at maaari kayong kumuha ng isang sanga mula sa, sabihin na natin, isang puno ng kahel, at tapyasan mo ang puno ng orange at ilagay mo ro'n ang sanga ng kahel; ito'y tutubo. Pumunta ka naman dito at kumaha ka ng sanga ng lemon at ihugpong mo sa isang orange tree; ito'y tutubo. O kaya'y kumuha ka ng sanga pomegranate, at dalhin mo ito, o ng anumang prutas na citrus, tangerine, o tangelo, alin man sa mga prutas na citrus, at ihugpong mo sa punong ito, lalago iyon sa pamamagitan ng buhay ng puno ng orange na iyon; ngunit hindi mamumunga ang mga ito ng mga

orange. Mamumunga ito ng mga kahel; mamumunga ito ng mga tangelo; mamumunga ito ng mga lemon; ngunit ito ay lumalago sa pamamagitan ng buhay ng tunay na puno. Ngunit kung ang punong iyon ay mag-uusbong ng panibagong sanga—ng isa pang sanga, magiging kauri ito ng buhay na nasa loob nito; mamumunga ito ng orange. Sapagkat sa simula pa lang, sa ugat pa lang ay orange na ang buhay nito, ngunit ang iba ay maaaring mabuhay dito basta't kapamilya ng prutas na citrus. Ngunit hindi ito maaaring mamunga ng bunga ng orihinal, sapagkat hindi ito ang orihinal.

84 Ganiyan din ang iglesia. Biniyak nila ang Puno at naghugpong sila ng Presbyterian, Methodist, Baptist, at iba pang tulad niyon. Namumunga ito ng bungang Baptist, bungang Presbyterian, bungang Methodist, ngunit kung ito ay mag-uusbong muli ng isa pang sanga, ito'y magiging kauri ng sangang inusbong nito nung araw ng Pentecostes: ang orihinal na Puno. Magsasalita ito ng iba't ibang wika at magtataglay ng kapangyarihan at mga tanda ng nabuhay na muling Cristo. Bakit? Sapagkat tumutubo ito mula sa likas na pinagkukunan at pinagtamnan nito. Sa katunayan, hindi ito itinanim doon; isinilang ito doon. Luwalhati. Ay, naku. Hindi ko pinag-isipan ang isang iyon. 161 Kita n'yo, ang ibang mga ito ay inihugpong; inihugpong nila ang mga ito sa puno, kaya't namumunga sila ayon sa kanilang uri. Hindi nila ito matanggap. Hindi sila naniniwala diyan, sapagkat wala naman talaga silang alam tungkol dito kailan man. Ngunit kung sila'y isinilang sa iisang buhay na nagmula sa punongkahoy na iyon, iyon lang ang maaari nilang ipamunga, ang buhay ng orihinal na puno.

85 Lahat ng mga tangkay na ito ng kandilabra ay nakasuot sa isang malaking mangkok, isang malaking lalagyan, at may siyam na iba't ibang—o pitong iba't ibang kandelero ang nagsasanga mula rito. At dahil ganu'n, bawat isa sa mga liwanag na iyon ay humihigop sa pinakapinagkukunan ng buhay nito. At ang dahilan ng liwanag nito ay ang pagkakabaon ng kandelero nito sa pinakamalaking tubong ito. Oh, napakagandang larawan ng isa sa pitong bituin na kinakatawan no'n, na ang buhay ay nag-aalab sa Espritu Santong naririto. At siya'y . . . Sa pamamagitan ng pananampalataya ay nag-aalab siya sa Espritu Santo, at ang kaniyang buhay ay isang kandila—o hindi isang kandila, kundi isang mitsang nakalublob sa Espiritu Santo (kay Cristo), at sa pamamagitan ng mitsang ito ay hinihigop niya ang Buhay ng Diyos upang magbigay ng Liwanag sa kaniyang iglesia. Oh, napakagandang larawan ng isang tunay na mananampalataya. Ano'ng uri ng Liwanag ang kaniyang ibinibigay? Kaparehong uri ng Liwanag na naroroon nang sindihan ang unang kandelero.

Ang unang kapanahunan ng iglesia ay ang Efeso. Si Pablo, ang anghel ng iglesiang iyon, isa sa mga

bituin . . . May pitong bituin na ang ibig sabihin ay pitong anghel, pitong mensahero. Kaya kong kunin ang Kasulatan at ang kasaysayan sa linggong ito upang patunayan sa inyo ang bawat isa sa mga iyan ay tunay sa bawat anghel, at ang bawat anghel ay nagtaglay ng iisang Liwanag. Tama. At sa gitna ng mga kapanahunang ito, naroroon ang dakilang Isang yaon na darating.

86 Pansinin n'yo, ang mga iyon ay humihigop sa pinakamalaking tubong ito ng Langis, ang Liwanag. Ang buhay ay nakalublob kay Cristo. Kayo ay patay na, at ang inyong buhay ay nakakubli na kay Cristo sa pamamagitan—o nakakubli na sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at natatakan na ng Espiritu Santo. Wala nang paraan para mailis kayo ro'n. Papaano mo iyon magagawa? Walang maaaring makialam sa iyo. Ang dulo ng iyon buhay ay nagliliyab sa Espiritu Santo, oh, naglalagablab, nagbibigay-Liwanag. Saan nakalublog ang kabilang dulo ng iyong buhay? Kay Cristo. Ikaw ay patay na at nakakubli kay Cristo. Nakaharang na roon ang Espiritu Santo kaya nagagawa mong . . . Hindi ka maaaring salingin ng diablo. Amen. Ang magagawa niya lang ay humiging at mag-ingay. Maging ang kamatayan mismo ay hindi makasasaling sa iyo: "O kamatayan, nasaan ang iyong panusok? Nasaan ang iyong tagumpay? Salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Pagninoong Jesus Cristo."

87 Basahin natin ang dulo ng talatang ito. . . . At nang ako'y lumingon, ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto; At sa gitna ng mga kandelero ay may isang katulad ng . . . anak ng tao, . . . 166 Naku. Napansin n'yo ba? Mga butuin, mga kandelero, mga lampara, ano ang ibig sabihin no'n? Ano ang ibig sabihin nito? Na ang dispensasyon na kinabubuhayan natin ay panahon ng gabi; ang mga kandila at mga liwanag at mga bituin ay nagsasaad ng panahon ng gabi. At ano ang ginagawa ng isang bituin? Pinaaaninag nito ang liwanag ng araw hanggang sa pagbalik ng araw. Purihin ang Pangalan ng Panginoon. At ang isang tunay na ministro ng Diyos ay hindi nag-aaninag ng flashlight, ng kung anong posporo, ng kung anong ipang nasusunog; pinaaaninag nito ang mga ginintuang sinag ni Cristo sa iglesia, na "Siya'y ganu'n pa rin, at Siya'y buhay, at Siya'y sumisinag sa akin." Amen. Iyan ang Liwanag na pinaaaninag niya. Pinaaaninag ng butuin ang liwanag ng araw (Kita n'yo?), kaya't pinaaaninag natin ang Liwanag ng Anak ng Diyos, ginagawa kung ano'ng ginawa Niya. Ano'ng uri ng liwanag? Liwanag ng Ebanghelyo sa mga . . .

88 Ngayon, masdan nga natin Siya nang mas higit pa, habang tinatalakay natin ang ika-13 talatang ito. At sa gitna . . . (Iyan ay sa kalagitnaan.) . . . ng mga gintong kandelero ay may isang tulad . . . sa Anak ng tao, na may suot na damit hanggang sa paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto. Ngayon, heto ang mas marami pang katunayan na ang doktrinang ito tungkol sa araw ng Panginoon ay tama. Napansin n'yo ba Siya? Hindi na Siya isang saserdote sa panahong ito; hindi rin Siya isang hari; Siya ay isang Hukom. 168 Pansinin n'yo, ang isang saserdote, ang isang punong saserdote, kapag siya ay pumapasok sa sangtuwaryo o kapag pumapasok siya upang magministeryo, upang maglingkod, nagbibigkis siya sa kaniyang baywang. Ang pagbibigkis sa baywang ay nangangahulugang siya ay naglilingkod: hindi niya ito ibinibigkis sa kaniyang balikat. Ngunit dito ay lumabas Siya, lumalakad na nakabigkis sa bandang itaas, na may pamigkis sa Kaniyang balikat, nakabigkis sa bandang suso, sa dibdib, ng pamigkis na ginto, nakabigkis nang mataas. Ano iyon? Isang abogado, isang hukom. Ang hukom na nakapamigkis sa kaniyang balikat, nakabigkis dito sa itaas, hindi sa ibaba tulad sa isang saserdote. Kita n'yo, ipinapakita niya na wala na Siya sa Kaniyang pagkasaserdote. Si Juan ay nakarating hanggang sa araw ng Panginoon at nakita niya Siyang dumarating bilang isang Hukom.

89 Naniniwala ba kayo na isa Siyang Hukom? Basahin natin ang Juan 5:22, nang mabilis, makikita natin kung Siya nga ba ay Hukom o hindi. Juan 5:22: Sapagka't ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi pinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol: 170 Tama ba? Siya ang Hukom, ang Kataas-taaasang Hukom. At ipinakikita ni Juan na wala Siya sa panahon ng Kaniyang panghuhula, bilang isang propeta, at wala rin siya sa panahon ng Kaniyang paghahari, kundi siya ay nasa araw ng Panginoon bilang isang Hukom. Ngayon, ilan ba ang nakaaalam na ang nakabigkis na saserdote, na ang pamigkis ay nakapaikot sa kaniyang baywang ay nangangahulugang siya ay nasa serbisyo? Alam 'yan ng sinumang nagbabasa ng Tipan, na nakaaalam ng Lumang Tipan. Kapag ang saserdote ay nabibigkisan sa bandang ito, siya'y nasa serbisyo; siya'y isang lingkod. Ngunit Siya ay nakabigkis dito sa itaas: isang Hukom. 171 Isulong pa natin nang kaunti ang ating pagbasa. . . . may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto.

Tama, dito sa bandang ito, Siya ang Hukom.

90 Ngayon, babasahin natin ang pitong luping kaluwalhatian ng Kaniyang Persona. Ay, naku. Napapasigaw na ako bago pa ako magpunta ro'n. Pansinin. Oh, tunay itong kahanga-hanga. Making lang kayo. At ang kaniyang ulo . . . 174 Ngayon, masdan n'yo. May pitong bagay Siya ritong binabanggit: ang Kaniyang ulo, ang Kaniyang buhok, ang Kaniyang mga mata, ang Kaniyang mga paa, ang Kaniyang tinig. Pitong bagay ang binanggit Niya rito, ang pitong luping kaluwalhatian ni Jesus Cristo. Hayaan n'yong basahin ko. Ang kaniyang ulo at ang kaniyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niebe; . . . ang kaniyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; . . . ang kaniyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang lutuang-bakal . . . at ang kaniyang tinig . . . lagaslas ng maraming tubig. At sa—at sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin: at sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang kaniyang mukha ay gaya

ng araw na sumisikat ng matindi. 175 Napakadakilang pangitain. Ano'ng nakita niya rito? Ang niluwalhating Anak ng Diyos at isang simbulo. Ngayon, maging handa lamang tayo.

91 Ay, naku, akala ko alas nuebe na; alas otso pa lang pala. Hindi pa ako nagsisimula. Sige. Iyan ay mabuti. Ngayon, ikinalulungkot ko na ang kapatid na lalaking ito ay nakatayo. Ako'y . . . Kinakabahan akong makita silang nakatayo (Kita n'yo?), 'pagkat alam kong sumasakit na ang kanilang mga binti. Kung may paraan lang ako, mga kapatid, o kung may anuman akong magagawa, tunay na gagawin ko. At gustung-gusto kong makuha n'yo ito. Tumayo kayo nang sandali pa, at gantimpalaan nawa kayo ng Diyos nang sagana, ang aking panalangin.

92 Ngayon, ngayon, ay pansinin n'yo. Ang unang mapapansin natin, ang Kaniyang ulo at ang Kaniyang buhok ay simputi ng balahibo ng tupa. Ang Kaniyang ulo at ang Kaniyang buhok ay simputi ng balahibo ng tupa. Ngayon, hindi nangangahulugan na gawa it ng Kaniyang pagtanda. Hindi iyon ang dahilan. Hindi siya tumanda kaya Siya nagkaganito. Siya ay . . . Iyon ay dahil sa Kaniyang karansan at kuwalipikasyon at Kaniyang karunungan. Sapagkat Siya'y eternal, at ang eternal ay hindi maaaring tumanda. Nauunawaan n'yo ba?

Buklatin muna natin, at ating—ilalarawan natin Siya rito nang ganito, at malalaman natin kung ano Siya. Ngayon, buklatin natin ang Daniel 7:9, sandali; makikita n'yo ang kaparehong larawan sa Daniel kung saan Siya ay dumating bilang ang Matanda sa panahon. At alam na alam ng halos lahat ng iskolar ng Biblia kung saan tayo patungo ngayon. Daniel 7 at sa ika-9 na talata; magsisimula ako sa ika-8. At aking pinagdilidili ang mga sungay, at, narito, sumibol . . . ang ibang sungay, isang munti, na sa harap niyao'y tatlo sa mga unang sungay ay nabunot sa mga ugat: at, narito, sa sungay na ito ay mga mata na parang mga mata ng tao, at isang bibig na nagsasalita ng mga dakilang bagay. Aking minasdan hanggang sa ang mga luklukan ay nangaglagay, . . . 179 Ngayon, makinig kayo. Makinig kayo nang husto ngayon. Naririnig n'yo ba ako nang maayos sa likuran? Magsabi kayo ng “Amen,” kung naririnig n'yo ako. Tinanong ko ang aking maybahay na nandoon sa likuran. Sa wari ko ang mikroponong ito'y . . . Mas buhay ito, hindi ba? Masyado akong sumusigaw, sa palagay ko, sa isang ito.

93 Sige, sa Daniel 7:9 na: Aking minasdan hanggang sa ang mga luklukan ay nangaglagay, at isa na Matanda sa mga araw ay nakaupo, ang kaniyang suot, maputing parang niebe, at ang buhok ng kaniyang ulo ay parang taganas na lana: . . . (Matanda sa mga araw) . . . ang kaniyang luklukan ay parang liab na apoy, at ang mga gulong niyaon ay nagniningas na apoy. Isang mabangis na sigalbo ay lumabas at nagmula sa harap niya: mga libolibo ang naglilingkod sa kaniya, at makasangpung libo na sangpung libo ang nagsitayo sa harap niya: ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat ay nangabuksan. 181 “Puting buhok . . .” Lahat . . . Alam ng lahat na ang mga matatandang hukom nung unang panahon, tulad ng mga hukom ng Inglatera ay nagsusuot dati ng pelukang simputi ng niebe. Ilan ang nakakaalala niyon? Ang matatandang hukom nung araw ay nagsusuot ng puting peluka sapagkat sila ay . . . At narito Siya, muling nagpapakita na si Juan ay napunta sa araw ng Panginoon; nakita niya Siya bilang Hukom (Amen.), hindi bilang isang Saserdote, hindi bilang isang Hari, hindi bilang Propeta, kundi bilang Hukom. Pinagkaloob ng Ama, sa Juan 5:22, ang buong kahatulan sa Kaniya. At Siya'y Hukom na, dumating Siya upang hukuman ang mga bansa. Oh, sa araw na iyon ay makikita n'yo Siya nang ganu'n. Ang Kaniyang buhok ay simputi ng niebe; nakita Siya ni Daniel na lumalapit sa Matanda sa mga araw. Masdan n'yo kung papaano niya pinagsama ang dalawang ito. Sige.

94 . . . at ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat ay nangabuksan. At ako'y tumingin sa mga yaon sapagkat . . . At ako'y tuminngin nang oras na yaon dahil sa tinig ng mga dakilang salita na sinalita ng sungay . . . (Hindi, mali ang binabasa ko, hindi ba?) Daniel 7:9, siyanga, narito tayo. . . . at ang mga gulong niyaon . . . Isang mabangis na sigalbo ang lumabas at nagmula . . . sa . . . harap niya: at mga libo libo ang naglilingkod sa kaniya, . . . At ako'y tumingin sa mga yaon dahil sa tinig ng mga dakilang salita na sinalita ng sungay: at ako'y tumingin hanggang sa ang hayop ay napatay, at ang kaniyang katawan ay nagiba, siya'y nabigay upang sunugin sa apoy. (Uh.) At tungkol sa nalabi sa mga hayop, ang kanilang kapangyarihan ay naalis: . . . (Diyan babagsak ang lahat ng mga kapangyarihan at kaharian ng Hentil.) . . . gayon ma'y ang kanilang mga buhay ay humaba sa isang kapanahunan at isang panahon. At ako'y nakakita sa pangitain sa gabi, at, narito, lumabas na kasama ng mga alapaap sa langit ang isang gaya ng anak ng tao (Papaano natin Siya nakitang dumating kaninang umaga sa ika-3 talata? Dumarating na nasa mga alapaap ng langit, ang Anak ng tao.) . . . lumabas na kasama ng mga alapaap sa langit ang isang gaya ng Anak ng tao, at siya'y naparoon sa matanda sa mga araw, at inilapit nila siya sa harap niya. At binigyan siya ng kapangyarihan, at kaluwalhatian, at isang kaharian, upang lahat ng mga bayan, bansa, at mga wika ay mangaglingkod sa kaniya: ang kaniyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, na hindi lilipas, at ang kaniyang kaharian ay hindi magigiba.

95 Lumapit sa Matanda sa mga araw na ang buhok ay simputi ng balahibo ng tupa. At lumingon si Juan at nakakita ng Isang tulad sa Anak ng tao na nakatayo sa gitna ng pitong kandelerong ginto, na may buhok na simputi ng niebe: ang Hukom, hindi nakabigkis sa baywang, kundi nakabigkis sa dibdib, dito sa itaas, isang hukom. Habang nakapatong sa Kaniyang balikat ang pamigkis ng hukom, tumayo Siya na may ginto, dalisay, banal, at pinong pamigkis ng Kaniyang Persona at kaluwalhatian.

96 Ngayon, wari ko, sa ika-14 na talata:

Ang Kaniyang buhok . . . ang kaniyang ulo at ang kaniyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibo maputi ng tupa, gaya ng niebe; at ang kaniyang mga mata ay . . . ningas ng apoy; 185 Ulo, buhok, "mga matang gaya ng ningas ng apoy." Isipin n'yo ito. Ang mga matang iyon na dating nanlabo dahil sa luha ng tao, ngayon ay naging nagniningas na apoy. Sa poot ay nakatayo Siya roon bilang nagagalit na Hukom. Bakit n'yo Siya tinanggihan? O makasalanan, isipin mo ito. Isipin mo ito, maligamgam na miyembro ng iglesia. Pag-isipan mo ito, Catolico, Baptist, Presbyterian, Pentecostal. Pag-isipan mo ito, Catolico. Ang iyong birheng Maria ay kinailangang magtungo sa Pentecostes at tanggapin ang Espiritu Santo, at magpasuray-suray at umastang parang lasing na babae. Kinailangang tanggapin iyon ng ina mismo ni Cristo bago siya pahintulutan sa langit. Papaano kayo makapaparoon nang kapos do'n, kayong mga kababaihan? Isipin n'yo iyon, mga kalalakihan, bawat isa sa inyo.

97 Ang Kaniyang buhok, ang Kaniyang mga mata na dating pinanlalabo ng luha ng tao, ngunit nais kong mapansin n'yo ang isang bagay tungkol sa mga matang iyon. Nang Siya ay nasa ibabaw ng lupa, ang mga iyon ay pinanlabo ng mga luha tulad sa isang tao, sapagkat umiyak Siya sa libingan ni Lazaro. Tama. Puspos ng simpatiya, Siya'y nadaramtan ng Kaniyang pagkatao, Siya ay Diyos na naramtan ng pagkatao upang makapag-alis ng kasalanan. Ngunit sa likod ng pagkataong iyon, may taglay Siyang isang bagay na nakasisilip sa puso ng isang tao at nakaaalam ng lahat ng tungkol sa kaniya. Bakit? May kung ano sa likuran Niya, gayunman Siya'y naramtan ng lamang mortal. 187 Ngunit hindi nila nakilala kung Sino iyon, "Kung hindi kayo naniniwala," ang sabi Niya, "na Ako nga Siya, kayo'y mamamatay sa inyong mga kasalanan." Tama. "Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag n'yo Akong paniwalaan; ngunit kung ginagawa Ko ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayo'y paniwalaan n'yo ang mga gawa kung hindi ninyo Ako mapaniwalaan." Oh, ganu'n na lang ang pagsisikap Niyang maparating ang mensahe sa kanila, ang kapahayagan. Nagawa Niyang tumingin sa loob ng puso ng isang tao upang malaman ang lahat ng tungkol sa kaniya. Pinag-iisipan ko iyon nang husto: Ang mga matang iyon na minsang lumagos sa mga kabundukan, ay tumingin sa mukha ng mga nagdurusa, at nagawang umiyak tulad sa isang tao; gayunpama'y nagawa Niyang kunin ang Espritu ng Diyos na nasa likod ng paningin ng taong iyon upang makita ang lahat ng mga bagay, ang mga bagay na nagdaan, at ang mga bagay na kasalukuyang nagaganap noon, at mga bagay na darating, nagawa Niyang hulaan ang dulo mula sa pasimula, dahil ang Diyos ay nasa likod ng mga matang taong iyon. Hayaan ninyong pumasok ang Diyos sa inyong buhay at

mamahala sa inyo, at ipapakita Niya sa inyo ang mga bagay na darating. Sapagkat hindi na kayo iyon; ang Espiritu Santo na iyon na nasa likuran ng inyong buhay na tumitingin sa pamamagitan ng mga matang mortal na iyan upang pumili ng mga bagay-bagay.

98 O luwalhati sa Diyos. "Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman, at ang inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae ay manghuhula; ang inyong mga kabinataan ay makakakita ng mga pangitain, ang inyong matatandang lalaki ay magsisipanaginip." Alleluia. Minsan kailangan Niya kayong patulugin upang makatingin Siya sa pamamagitan n'yo, ngunit tunay ngang magpapakita Siya sa inyo sa maraming pagkakataon. "Ang inyong mga kabataang lalaki ay makakakita ng mga pangitain, ang inyong mga matatandang lalaki ay magsisipanaginip; sa Aking mga aliping babae at mga aliping lalaki ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu. Hindi sa Aking mga diyakuno at mga pastor sa Aking mga . . . Sa kaninuman, sa lahat ng laman, ay ibubuhos ko ang Aking Espiritu." Nagtataka kayo kung bakit isinisigaw ko iyon, ngunit ito'y papasok na sa mga kapanahunan ng iglesisang ito.

99 Hayun Siya, ang mga matang iyon. At alalahanin n'yo, isang araw ang mga matang iyon na pinanlabo ng mga luha, ang mga matang iyon ay mapaparoon sa paghuhukom. Ngayon, ang mga iyon ay tulad sa ningas ng apoy na paroo't parito sa buong mundo, at walang anumang nagaganap na hindi Niya nalalaman. Ay, naku, ito'y nakarecord. Paroo't parito sa buong mundo na nagmamasid sa bawat kilos, nalalaman ang bawat kaisipan, natatalos lahat ng inyong ginagawa, ang mga intensyon ng puso, ang binabalak n'yong gawin. Alam Niya ang lahat ng tungkol do'n. Ano'ng mangyayari kapag tumayo kayo sa araw na iyon kung kailan ang bawat kasalanan ay malalantad sa harapan Niya, at nakatayo Siya sa paghuhukom sa puting trono?

100 Diyos, iligtas Mo po ako sa lugar na iyon. Ayaw kong makita iyon. Kapag ang isang galit na Diyos ay lumabas doon na may apoy na nagliliyab mula sa Kaniyang mga mata, kalakip ang katuwiran, nakapelukang puti na tulad no'n, at ang Kaniyang mga mata ay nagliliyab sa apoy na nakababatid ng bawat haka ng iyong puso, at lahat ng nilayon mong gawin. Ikubi Mo ako sa Bato ng mga Kapanahunan na naukitan para sa akin. Dati'y kinakanta ng matatanda, "Kapag nasusunog na ang mundong ito, tabihan Mo ako. Tabihan Mo ako, hayaan Mong gawin kong unan ko ang Iyong sinapupunan. Ikubli Mo ako sa Bato ng mga Kapanahunan." Diyos, hindi ko nais ang Iyong paghuhukom. Ayaw ko ng Iyong . . . Ang nais ko ay ang Iyong habag, Panginoon. Iyon . . . Pagkalooban Mo po ako ng Iyong habag, huwag ng Iyong hustisya. Pagkalooban Mo na lang ako ng Iyong habag, huwag ng iyong mga batas, huwag ang anumang . . . Pagkalooban Mo na lang ako ng habag,

Panginoon; iyon lang ang aking maisasamo. Wala akong dala sa aking mga bisig (Walang akong

kuwenta, wala akong saysay.), yumayakap lang ako sa Iyong krus. Panginoon, iyon lang ang alam ko: yaong Isang umako ng aking lugar.

101 Masdan n'yo ngayon ang pitong luping Personahe ng Kaniyang Persona, at makikita n'yo kung ano'ng ginawa Niya. Ang Kaniyang ulo . . . simputi ng niebe; . . . (tulad sa balahibo ng tupa, puting buhok) . . . at ang Kaniyang mga mata ay tulad sa . . . (Tignan natin.) . . . Ang Kaniyang ulo . . . ay simputi ng niebe; at ang Kaniyang mga mata ay . . . nagniningas na apoy; At ang Kaniyang mga paa ay tulad sa . . . binuling tanso, na dinalisay sa hurnuhan; 192 Masdan n'yo ngayon, kapapansin lang natin kung saan Siya natatakpan, alam n'yo na. Ngayon, masdan n'yo. Ang Kaniyang ulo, ang Kaniyang mga mata, ngayon bumaba na Siya sa Kaniyang mga paang tulad sa tanso. Masdan n'yo ang pagkakaiba ng larawan na nakita ni Juan diyan patungkol kay Jesus, at ng nakita ni Daniel patugkol sa emperyo ng daigdig, ang ulong ginto at iba pa. 193 Tignan n'yo kung ano itong naririto, nakatayo ro'n, tanso. Ano'ng pinangungusap ng tanso? Ang tanso ay nangungusap ng paghuhukom, Makalangit na paghuhukom. Ipinakikita nito na ang buong layunin Niya ay ang pumarito sa lupa bilang Diyos na magkakatawang-tao, at Siya ay namatay para sa atin at inako Niya ang mga kahatulan ng Diyos, ang Makalangit na kahatulan, at tumanggap ng isang Kaharian na tanso, at matigas, at hindi maaaring makilos. Wala nang mas titibay pa sa tanso, wala pa silang nakikitang magpapalambot dito.

102 Paghatol. Ang tanso ay nangungusap ng iginawad na Makalangit na paghatol. Tignan n'yo ang tansong ahas sa ilang. Ano ang kinatawan ng tansong ahas na iyon? Ang ahas ay kumatawan sa kasalanan; ngunit kaya tanso, ginawaran na ng kahatulan ang mga kasalanan. 195 Isa sa mga araw na ito ay ilalabas at ipapakita ko sa inyo na ang Israel ay nagkaroon din ng pitong kapanahunan ng iglesia, at katipung-katipo nitong mga ito. At sa kanilang kapanahunan ng iglesia, sa mga kaarawan ni Elias, tinanggihan nila siya at di umulan ng tatlong taon at anim na buwan. At sinabi ng matandang propetang iyon na ang kalangitan ay nagmukhang tanso: Makalangit na kahatulan sa mga bansa dahil sa pagtanggi nila sa Diyos at pakikinig kay Jesabel.

103 Ang tanso ay kumakatawan din sa Makalangit na paghatol sa altar kung saan pinapatay ang hain, tansong altar. Pinapatay . . . Ang pinakapundasyon niyon ay tanso, kahatulan. Nilakaran Niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng Diyos at inako ang ating kahatulan. Buklatin natin sandsali sa Apocalipsis 19:15; tignan natin kung ano'ng ginawa Niya. Apocalipsis 19 at 15, bumasa tayo sandali kung makikita ko iyon. Siyanga, umpisahan natin sa bandang— tignan natin, sa bandang ika-12 talata. At ang kaniyang mga mata ay . . . ningas ng apoy, at sa kaniyang ulo ay maraming diadema; at siya ay may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam kundi . . . siya rin At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang verbo ng Dios . . . (Ngayon, alalahanin n'yo, ang pangalan Niya ay hindi ang Salita ng Diyos, ang Kaniyang Pangalan ay tinatawag na ganu'n. Kita n'yo?) . . . ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng Dios. At ang mga hukbo . . . ng langit . . . ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahalagang linong maputi at dalisay. At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang mga bansa: at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at yuyurakan niya . . . (Ano iyon?) . . . yuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.

104 Ano'ng ginawa Niya? Ang galit ng Diyos ay napasa atin bilang mga makasalanan. Tama ba? Walang sinumang makapagliligtas sa kaniyang sarili. Wala tayong anumang magagawa; lahat tayo'y ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa katampalasanan, dumating sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan. At ano ang ginawa Niya? Pumarito Siya sa lupa (Alleluia.) at niyurakan ang pisaan ng ubas. Lahat ng galit ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay ibinuhos sa Kaniya. “Ikaw ay karapat-dapat, O Cordero ng Diyos, sapagkat Ikaw ay pinaslang.” Inako Niya ang kasalanan ng sanlibutan, at dinala Niya ang ating kasalanan, at ibinuhos ng Diyos ang kabangisan ng Kaniyang galit sa Kaniya. “At Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasalanan; ang parusa n gating kapayapaan ay napasa Kaniya, at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.” Walang taong namatay tulad ng pagkamatay ng lalaking iyon. Nagdusa Siya hanggang sa maghiwalay ang Dugo at tubig sa Kaniyang katawan. At tumulo mula sa Kaniyang noo ang mga patak ng Dugo bago Siya namatay.

. . . ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.

105 Isang araw ang mga tansong paang iyon ng hustisya (Luwalhati.), kapag dumating siya bilang Hukom, Kaniyang yuyurakan ang anticristo, at lahat ng Kaniyang mga kaaway. Alleluia. Lalakaran Niya ang buong lupa na may tungkod na bakal sa Kaniyang kamay. Amen. Oh, magsisi ka na, makasalanang kaibigan, habang may pagkakataon kang magsisi. Huwag mo itong iwaksi at isiping isa lang itong munting kuwento na hindi mangyayari; ito'y mangyayari. “Sadyang hindi iyon mangyayari sa akin.” Mangyayari iyon sa iyo. 199 Mga paang tanso, yuyurakan ang Kaniyang mga kaaway. Sapagkat Siya ay nagbata at niyuran Niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng Diyos upang bayaran ang ating mga kasalanan. At tayo, na mga nagkasala, dukha, at abang mga uod, ay nagtataas ng ating maliliit na ilong, at nagbabasa ng kung anong aklat na di sumasampataya sa Diyos, at pinipilit nating isiping walang Diyos, at sinasabi nating walang ganito at hindi maaaring dumating ang paghuhukom. Gagamitin Niya ang mga paang tanso

na iyon upang durugin ang Kaniyang kaaway. Lalakaran Niya ang anticristo. Kukunin Niya ang mga tumaliwakas na mga iglesiang iyon at ibabato sa walang hanggan, sa kinaroroonan ng apoy na pumupugnaw kung saan ay matutupok sila hanggang sa maglaho. At maghahari Siya sa ibabaw ng lupa, Siya at Kaniyang iglesia magpakailanman. Luwalahati.

106 "Ulong simputi ng balahibo ng tupa," katuwiran, karansan, kahusayang magsalita, kasapatan, karunugan. Gumulang, puti, nangungusap ng karunungan, matanda. Alam Niya kung ano'ng ginagawa Niya, Siya ang bukal ng karunungan. Siya ang bukal ng karanasan. Siya ang bukal ng bawat mabuting bagay; samakatuwid, Siya ay kinatawan sa Isang ito na tulad sa Anak ng tao, nakasuot ng Kaniyang puting buhok na nakalugay. Nakita Siya ni Daniel maraming taon na ang nakararaan, pitong daang taon, at ang sabi niya, "Siya ang Matanda sa mga araw. Ang Isang tulad sa Anak ng tao ay dumating sa kapangyarihan at nakipag-isa dito sa Matanda sa mga araw, at ang paghuhukom ay naihanda."

107 Ngayon, nais ko lang kayong tanungin ng isang bagay. Nangungusap ako sa iyo, iglesiang malahininga. Sampung birhen ang lumabas upang sumalubong sa Panginoon, lima sa kanila ay matatalino, ang lima ay mangmang, tulad ng tinalakay natin kaninang umaga, ang hinugpong na punong iyon. Ngayon, alalahanin n'yo, sa paglabas nila upang salubungin ang Diyos . . . Ngayon, masdan n'yo, ang sabi ng Biblia, "Ang mga aklat ay nangabuksan." Daniel 7:9, "Ang mga aklat ay nangabuksan." Iyon ang aklat

ng makasalanan. "At may isa pang aklat na nabuksan." "Ang mga aklat ay nabuksan." Sino ang dumating na kasama Niya? Ang iglesiang nanggaling sa pag-agaw. Oh. "Mga sampung libo na sampung libo na libo-libo ang dumating na kasama Niya na naglilingkod sa Kaniya," ang Kaniyang asawang babae, ang Nobya. Oh, luwalhati. Ang asawa Niyang babae ay dumating na kasama Niya, ang Iglesia. 202 Ang paghuhukom ay nakahanda na, at ang mga aklat ay nabuksan. At may isa pang aklat na nabuksan, at iyon ay ang natutulog na birhen, at bawat tao ay nahatulan mula sa aklat na iyon. Ikaw ay hihilingang magbigay ng dahilan kung bakit hindi ka sumunod, at pa'no na pag nagkagayon? Mas marami ka nang alam ngayon; mas may alam ka na. Maaaring hindi mo ito alam dati, ngunit alam mo na ngayon. Kita n'yo? Kung ang matuwid ay bahagya nang makaliligtas, saan mapupunta ang makasalanan at ang masamang tao? Ang mga paa Niya ay tulad sa tanso, Makalangit na paghatol.

108 Ngayon, tignan natin, sa madaling panahon ay ating . . . sa dulo na ng pahina.: . . . ang kaniyang buhok ay tulad ng balahibong maputi ng tupa, . . . at ang kaniyang mga mata ay . . . ningas ng apoy; At ang kaniyang mga paa ay katulad ng—mga paa ay tulad ng—tanso, . . . dinalisay sa isang lutuang-bakal; at ang kaniyang tinig . . . lagaslas ng maraming tubig. "Tinig ng maraming tubig." Ano ba ang kinakatawan ng tubig? Kung nais n'yong markahan, buklatin n'yo sa Apocalipsis 17:15, at makikita n'yo na sinabi ng Biblia na, "Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot, ay mga bayan, at mga karamihan, at mga bansa, at mga wika." Tama. "Tinig . . ." Nakapangingilabot na bagay ito para sa isang inaanod na kaluluwa sa karagatan ng buhay, na walang nagmamaniubra sa kaniya, paanud-anod, palutang-lutang sa mga agos, ang marinig ang ugong ng napakalaking talon, magiging kakila-kilabot iyon sa isang kaluluwang inaanod. 204 "Tinig ng maraming tubig." Ano ang Kaniyang tinig? Ito'y ang paghuhukom; ang tinig ng mga ministro sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na sumigaw sa mga tao sa bawat kapanahunan, na nakatayo ro'n. Sumigaw ang tinig ng maraming tubig, ang makapal na karamihan. Ang tinig ng pitong bituin na iyon na nasa Kaniyang kamay sa bawat kapanahunan ng iglesia, na nangaral ng bautismo ng Espiritu Santo, ng bautismo sa Ngalan ni Jesus, ng pagsasalita ng iba't ibang wika, ng kapangyarihan ng Diyos, ng pagkabuhay na muli ni Cristo, ng ikalawang pagdating, at Makalangit na paghuhukom. Ang

tinig ng maraming tubig na lumalabas mula sa Isang ito na parang Anak ng tao, maraming tubig.

109 Papaano na kung malalaman mong ikaw ay umupo sa isang pagtitipon at narinig mong kailangan mong makipag-ayos sa Diyos at tanggapin ang Espiritu Santo, at isa kang inaanod na kaluluwa at narinig mo ang tinig na nangusap sa kinaroonan mong pagtitipon, at narinig mong ipinangaral ang mga kahatulan ng Diyos, at ito'y tinanggihan mo, ang malaking talon ay nasa ibaba mo lang, ang dakilang talon na maghahatid sa iyo sa iyong eternal na kapahamakan. 206 Tinig ng maraming tubig, ang ikaapat na Personahe Niya, ang tinig ng maraming tubig . . . Papaano na kung iyon ay nakarecord sa langit, kung ang tinig ngayong gabi ay nakarecord sa langit? Ang tinig mo ay nakarecord. Ang iyong mga kaisipan ay nakarecord. "Kung papaanong nag-iisip ang tao sa kaniyang puso ay gayon siya." Pansinin n'yo, ang inyong tinig ay mas malakas sa langit kaysa sa inyong . . . Ang ibig kong sabihin, ang mga kaisipan n'yo ay mas malakas sa langit kaysa sa inyong tinig sa lupa. Tunay nga. Nalalaman ng Diyos ang mga kaisipan at hangarin ng puso; nalalaman Niya ang lahat ng tungkol dito. 207 Ang sabi Niya sa Fariseo, "Ikaw na mapagpaimbabaw, papaano ka makapagsasalita ng mabubuting bagay, samantalang mula sa kasaganaan ng puso ay nangungusap ang bibig? Tinatawag mo Akong, 'Panginoon, mabuti,' at nalalaman Ko; kaya kong palagusin sa iyo ang aking paningin at makitang isa kang mapagpaimbabaw. Hindi iyan bukal sa iyong puso." 208 Oh, papaano na sa araw na iyon kapag ang tinig na iyan ay dumagundong mula sa maraming tubig na iyon, na nanggaling sa maraming mga kapanahunan ng iglesia?

110 Ngayon, nais ko kayong tanungin ng isang bagay. Hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay sa inyong mga taong ligtas, hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. Ngayon, ikaw na inaanod na kaluluwa, ikaw na abang inaanod patungo doon sa malaking talon, mag-ingat ka. Magiging kakila-kilabot na malaman mong wala nang pagliligtas para sa iyo sa pagkakataong iyon. Hindi ka na maaaring maligtas pagdating ng pagkakataong iyon; alam mong ang kapahamakan mo ay nasa iyo nang harapan. 210 Kung kailan ay alam mong sa loob lamang ng ilang minuto ay maririnig mo na ang tinig na iyon na mangungusap ng, "Lumayo kayo sa Akin, kayong mga manggagawa ng katampalasanan, patungo sa walang hanggang apoy na inihanda para sa diablo at sa kaniyang mga anghel." Malalaman mo kapag narinig mo na ang pag-ugong ng malaking talon na iyon ng mga tinig ng mga

gawaing iyon, habang ikaw ay lumilisan na rito. Oh, kakila-kilabot na bagay, ano'ng tinding bangungot. Huwag n'yo itong hayaang mangyari sa inyo, bayan. Magsisi kayo, at makipag-ayos sa Diyos ngayon, habang maaari pa kayong mag-ayos.

111 Ngayon, nais kong tanungin kayo ng ibang bagay. Ano ang mas kasiyasiya sa isang taong nakaangkla, nakahiga sa silong ng punong evergreen, kaysa sa marinig ang lagaslas ng umaagos na batis? Oh. Iyon ang iglesia na nakaupo sa mga makalangit na dako na kinakausap ng tinig ng Diyos na banayad na banayad na lumagaslas at nangungusap sa kanila sa . . . Nakikita n'yo ba kung ano iyon? Iyon ay isang paghatol sa makasalanan at pagpapala sa ligtas. Ang isang taong ligtas na nag-angkla ng kaniyang bangka sa Batong si Cristo Jesus, at sadyang nakahimlay at nakikinig, tunay na makapagpapahinga siya. Pumapasok siya sa kapahingahang iyon. 212 Gustung-gusto kong magpunta sa lugar kung saan ang tubig ay umaagos. Kung mangingisda kami muli, karaniwan ay humahanap ako ng isang lugar kung saan ang tubig ay lumalagaslas, sapagkat sadyang napapahinga ka. Naririnig mo itong nangungusap magdamag. Ay, naku.

112 Hindi ba't napakaganda kung maiaangkla mo ang iyong kaluluwa kay Cristo, hanggang sa magawa mong manahimik sa Kaniyang harapan, at marinig ang Kaniyang Tinig na nangungusap sa iyo, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo. Ako ang Panginoon na nagkakaloob sa iyo ng Buhay na Walang Hanggan. Mahal Kita. Kilala na Kita bago pa itatag ang sanlibutan. Inilagay Ko ang iyong pangalan sa Aklat; ikaw ay sa Akin. Huwag kang mangamba, Ako ito. Huwang kang matakot; kasama mo Ako." Kung gayo'y aawit ako. I've anchored my soul in a haven of rest, I'll sail the wild seas no more; The tempest may sweep o'er the wild, stormy deep; But in Jesus I'm safe evermore. 214 Alalahanin, ang tinig na magiliw na nangungusap sa inyo, ay siya ring hahatol sa makasalanan. Ang bahang nagligtas kay Noe ay siya ring pumatay sa makasalanan. Nauunawaan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ang tinig ng maraming tubig . . .

113 Masdan n'yo ngayon, buhok na parang balahibo ng tupa, at mga matang parang ningas ng apoy, mga paang parang tanso, at isang tinig ng maraming tubig.

At sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin: . . . 216 "Pitong bituin." Ngayon, kunin natin itong ika-20 talata. At ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang pitong mga anghel . . . (o pitong mensahero, pitong ministro) . . . ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia. 217 Ipinaliwanag Niya ito sa kaniya upang matiyak na hindi magkakaroon ng anumang pagkakamali. Isang anghel para sa bawat kapanahunan ng iglesia . . . Oh, magiging napakaganda niyon, sa linggong ito, kapag binalikan natin ang kasaysayan at tinalakay natin ang mga anghel na iyon upang makita mismo ang ministeryong tinaglay nila. Nagtaglay sila ng iisang ministeryo, parehongpareho sa buong kapanahunan sa munting iglesiang iyon.

114 Nung minsan ay may nagsabi, "Alam mo, ang iglesiang Catolico, may magandang kasabihan na ito ang tunay na iglesia sapagkat nagawa nitong tumayo sa lahat ng mga kapanahunang nagdaan." 219 Ang sabi ko, "Hindi kataka-takang natagalan nito at nalampasan ang mga bagyo, mangyari'y ang buong pamahalaan at lahat na ay nasa likod nito. Ngunit ang hiwaga sa akin ay kung papaanong ang kakakurampot na iyon ay nakalampas sa bagyo, na mga pinaglalagari, at itinapon sa mga leon, at inilagay sa mga stretcher, at ipinakain sa leon, at sinunog—at pinagpapatay at lahat na, at pagkatapos ay nalampasan nila iyon." Ipinapakita nitong sumasakanila ang kamay ng Diyos. Iyon lang. At maging hanggang sa araw na ito ang kaniyang Liwanag ay nag-aalab pa rin. Amen. Opo.

115 Ngayon, "Ang pitong butuin na nasa Aking kanang kamay." May hawak Siyang pitong bituin sa Kaniyang kanang kamay, na nangangahulugan ng pitong ministro ng pitong kapanahunan. Oh, napakaganda nito. Kung papaanong binalikan natin at kinuha ang—ang ministrong naghatid ng mensahe sa iglesia ng Efeso, at ang ministrong naghatid ng mensahe at nanghawakan Dito hanggang kamatayan, hanggang sa iglesia ng Smirna, at sa iglesia ng Pergamo, ng Tiatira, at sa kabuuan ng panahon, maging hanggang sa kapanahunang ito ngayon. Ang mga ministrong nagpanatili at naghatid ng Liwanag, at nanghawakan Dito tulad ng orihinal sa pasimula, at nagpasilay ng Liwanag, ay hawak-hawak Niya sa Kaniyang kanang kamay. 221 Isipin n'yo. Ang kanang kamay ay hindi naman talaga nangangahulugang si Cristo ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos. Hindi nangangahulugang may kanang kamay ang Diyos,

sapagkat ang Diyos ay isang Espiritu. Ngunit si Cristo ang kanang kamay ng kapangyarihan. Ang kanang kamay mo, ang taong—ang taong nakatayo sa tabi mo, ang pinakamalapit sa iyo . . .

116 At, alalahanin n'yo, ang pitong bituin ay nasa Kaniyang kanang kamay. Isipin n'yo na lang, kumukuha sila ng kanilang lakas, ng kanilang Liwanag mula sa Kaniya. Sila'y lubos Niyang pinamamahalaan sa Kaniyang kanang kamay. Ganun din ang bawat tunay na lingkod ng Diyos. Hawak-hawak sa . . . Sino'ng maaaring manakit sa kanila? Sino'ng maaaring manakit sa kanila? Tulad ng isinigaw ng isa sa mga anghel sa pasimula. Alalahanin n'yo na ang isang "anghel" ay nangangahulugan ng "mensahero." Magtutungo tayo sa mga mas malalalim na bagay na iyon sa huling bahagi ng linggong ito. Ang "isang anghel" ay nangangahulugan ng "mensahero." At ang sabi niya, "Ano ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo? Magagawa ba iyon ng karamdaman? Ng panganib? Ng kahubaran? Ng tabak? Ng kamatayan? Ako'y naniniwalang lubos," ang sabi ni Pablo, "na walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo," sapagkat tayo ay lubos na nakasuko sa Kaniyang kanang kamay. 223 Kapag may nagsabi ng, "Holy-roller, holy-roller." Hindi iyon nakagagambala sa kanila nang kaunti man, "Ika'y isang relihiyosong panatiko." Ni hindi nila ito naririnig. Lubos silang nakasuko at kumukuha ng kanilang Liwanag mula sa Kaniyang kanang bisig ng kapangyarihan: isinasalamin ang Kaniyang Liwanag sa kababaang-loob, at kagandahang-loob, at kaamuan, at pagtitiis; sa mga tanda at kababalaghan, at mga himala. Hayaan mong tawagin ito ng sanlibutan na pangkukulam, anumang gusto nila, hindi ito mahalaga sa atin, sapagkat alam nating nakasuko tayo sa Kaniyang kanang kamay. Hindi ba't kahanga-hanga iyon? Naku.

117 Ngayon, dalian natin, 'pagkat ayaw namin kayong pagurin. "Sa Kaniyang kanang kamay, ay may pitong bituin." Ngayon, ang ikapito at huling representasyon ng Kaniyang Persona . . . . . . at sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: . . . (Ang ibig kong sabihin ay ang ika-anim.) . . . sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: . . . 225 Ngayon, tinig ng maraming tubig, at mula sa Kaniyang bibig . . . Sa Kaniyang kanang kamay ay may hawak Siyang pitong bituin. . . . at sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: . . . 226 Ngayon, alam n'yo ba kung ano ang matalas na tabak na may dalawang talim sa Biblia? Sapuhin lang natin upang malaman n'yo. Kunin n'yo ang Mga Hebreo 4:2, pabalik lamang ng isa o dalawang pahina at makukuha n'yo

ito. Kita n'yo? Ang Mga Hebreo ay nasa likuran lamang nitong Apocalipsis; Judas, at pagkatapos ay ang Mga Hebreo. Ngayon, kunin n'yo ito nang maigi ngayon. 227 O . . . Mga Hebreo, ika-4 na kabanata ng Mga Hebreo, heto na. Tama, ika-4 na kabanata ng Mga Hebreo at sa ika-12 talata: Sapagkat ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso. 228 At pagkatapos ay tinatawag nila kayong isang mambabasa ng kaisipan. Ang Salita ito ng Diyos na nahayag sa Kaniyang iglesia. Mas matalas pa kaysa sa anumang tabak na may dalawang talim.

118 Ay, may naisip tuloy akong isa pang bagay tungkol diyan. Hindi ko alam kung nakapagsulat ako ng isang Kasulat . . . Kunin n'yo ang Apocalipsis 19, sandali. Kunin natin itong muli; sa wari ko'y tama iyon. Marahil ako'y . . . Apocalipsis 19 sa bandang 11: At nakita kong bukas ang langit; at narito, ang isang kabayong maputi; . . . (Naririto na naman ang puti, paghuhukom.) . . . at yaong nakasasakay dito ay tinatawag na Tapat at Totoo; at sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka . . . (Alam n'yo kung sino iyon, di ba? Tama.) At ang kaniyang mga mata ay . . . ningas ng apoy, . . . at siya'y may isang . . . at—at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam kundi . . . siya rin. At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng Dios. Ano ang lumabas sa Kaniyang bibig? Ano'ng humayo? Ang nakakabayong puti. At ganun din sa Apocalipsis, 7, nang . . . 8 sa wari ko. Nang ang kabayong puti . . . hindi, 6 pala. Nang humayo ang nakasasakay sa kabayong puti, pinagkalooban siya ng isang busog, upang magtagumpay nang magtagumpay.

119 At may tabak na lumabas sa Kaniyang bibig. Ano Siya? Ang nakasakay sa kabayong puti ng Apocalipsis. Pansinin n'yo ang tabak. "Mula sa Kaniyang bibig ay may lumalabas na isang matalas na tabak na may dalawang talim," ang Salita. At sa kahulihulihan, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, kapag naihayag na Ito sa lahat ng mga anak ng Diyos, yuyurakan Niya ang bawat bansa sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, sa pamamagitan ng matalas

na tabak na ito. Tignan n'yo kung ano'ng nangyari dito, habang kinukuha natin. At . . . kaniyang kanang kamay . . . at sa kaniyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw na sumisikat ng matindi. 231 "Isang matalas na tabak na may dalawang talim." Ano'ng lumalabas sa bibig ng Personang ito? Ang Salita ng Diyos. Isa itong matalas na tabak na may dalawang talim. Ano ang ginagawa nito? Kinikilala ang mga kaisipan ng puso, at ang mga haka; bumabaon nang lampas sa karne, sa laman, sa mga selula ng dugo, papasok sa buto, hanggang sa kasu-kasuan ng buto, lampas pa do'n, nakikilala nito maging ang mga kasisipan at haka ng puso. Iyan ang ginagawa ng Salita ng Diyos.

120 "At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa ating kalagitnaan." At ngayon, ang Salita ay nagkatawang-tao sa Kaniyang iglesia, nananahan sa ating kalagitnaan: ang Kaniyang mga anghel ay nasa Kaniyang kamay, ministro. Ang Diyos ay dumidepende sa Kaniyang iglesia. Ang Diyos ay umaasa sa atin sa panahong ito upang ihatid ang Liwanag na ito ng Ebanghelyo sa isang naghihingalo, papunta sa pagiging hiteno, at tradisyonal na daigdig. Inilalapag ng Diyos ang pasanin sa akin at sa inyo. Sa aba natin kapag namatay ang hiteno nang hindi niya ito nalalaman. Oh, sila'y nagdala ng mga babasahing pambasa, panulat, arithmetic, at mga pangrelihiyon, at ang tanging nabuo nila ay isang bungkos ng mga proselyte. Ang ibig kong sabihin ay ang Ebanghelyo. Ang Ebanghelyo ay hindi Salita lamang. Ito ang sabi ni Pablo. Ang Ebanghelyo ay hindi dumating sa atin sa pamamagitan lamang ng Salita, kundi ng Salitang naipamalas. Kapag ang Salita, sa pamamagitan ng Espritu Santo, ay . . . Ang Salita ay itinatanim sa pusong may Espiritu Santo at nagbubunga ng kung ano'ng sinasabi ng Salita. At ang Salita ay nakakikilala ng mga kaisipan ng puso. Luwalhati. Ay, naku. Oh. Isang Tagakilala ng mga kaisipan at haka ng puso, ganu'n ang Salita.

121 Lumalabas sa Kaniyang bibig ang isang matalas na tabak na may dalawang talim, ginigising ang mga hiteno . . . Mayroo't mayroong mangyayari isa sa mga araw na ito. Opo. Ang Salita ng Diyos, ang Pangalan Niya ay ang Salita ng Diyos, ang Salitang naipamalas. Tignan n'yo, ang sabi ni Jesus, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan," Marcos 16, ang Kaniyang huling pagbati sa iglesia bago Siya bumalik upang ihayag ang Kaniyang Sarili sa kapanahunan ng iglesia. Inutusan Niya ang iglesia, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal." Ano? Ipangaral ang Ebanghelyo. Marcos 16, "Ipangaral ang Ebanghelyo sa

lahat ng kinapal." Ano Iyon? Sa ibang salita, ipamalas ninyo ang kapangyarihan ng Espiritu Santo: kinailangan itong mangyari.

122 Ngayon, masdan n'yo, sa bawat . . . Hindi lang ituro ang Salita. Hindi Niya sinabing humayo kayo at ituro n'yo ang Salita; ang sabi Niya, "Magsiyaon kayo at inyong ipangaral ang Ebanghelyo," hindi ituro ang Salita, ipangaral ang Ebanghelyo. "At lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya sa Ebanghelyong ito; magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; magsasalita sila ng mga bagong wika; kung magsihawak sila ng mga ahas at makainom ng bagay na nakamamatay ay hindi makasasakit sa kanila; kapag ipinatong nila ang kanilang kamay sa mga may sakit sila'y magsisigaling." 235 "At nagsialis sila," ang sabi ng Kasulatan, "nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, pinatutunayan ang Salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip." Iyan ang Ebanghelyo, ang Ebanghelyong naipapamalas. 236 Lalakip ang mga tandang ito sa gaano karami? Hanggang sa dulo ng sanlibutan, sa bawat kapanahunan. Hayan ang munting minoridad na dumaan sa mga kapanahunan, na nanghahawakan sa Liwanag na iyon. Hindi katakataka ang sabi ni Jesus, "Huwag kayong matakot, munti Kong kawan, nalulugod na mainam ang inyong Ama na ipagkaloob sa inyo ang Kaharian,": ang munting kawan, ang kakaunti palagi, hindi ang karamihan.

123 Tama, ngayon ay magtungo tayo sa isa pang sipi. At nakuha na natin ang ika-20, kaya't tignan natin ngayon ang talatang ito. Ngayon, sa ika-16 . . . At sa kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin: . . . 238 Ngayon, kunin natin ang . . . at ang . . . Kaniyang mukha: Sa kaniyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw na sumisikat ng matindi. 239 Kung bubuklatin n'yo sa, tignan nga natin, Mateo 17. Kunin na nga natin iyon habang naroroon tayo; pinapasadahan lang natin, at marami sa mga tao ang kumukuha nito—o naglilista nito, ipababasa na lang natin sa kanila upang malaman natin. Mateo17, tama. . . . pagkaraan ng anim na araw, ay isinama ni Jesus si Pedro, at si Santiago, at si Juan . . . sa isang mataas na bundok: At nagbagong-anyo Siya sa harap nila: at nagliwanag ang Kaniyang mukha na katulad ng araw, at pumuting tulad sa ilaw ang Kaniyang mga damit.

Siya ay nagbagong-anyo. Ano'ng ginawa Niya? Pinadaan Niya ang Kaniyang Sarili sa pagbabagong-anyo, papunta sa Kaniyang paparating na araw.

124 Ngayon, masdan n'yo, ilang oras pa lang bago maganap ito, sinambit ni Jesus ang siping ito sa sinundang kapitulo, "Katotohan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na may ilan sa mga nakatayo rito . . ." Ilan ang nakaaalam ng aking sasabihin? "May ilang nakatayo rito na hindi papanaw, hindi mamamatay, malibang makita nila ang Anak ng tao na dumarating sa kaluwalhatian." Tama ba? At isinama Niya sina Pedro, Santiago, at Juan, ang tatlong saksi, sapagkat sa Lumang Tipan ang bawat bagay, ang bawat salita ay pinagtitibay sa pamamagitan ng tatlong saksi, at dinala Niya sila bundok. 241 Pansinin n'yo kung ano'ng unang dumating. Oh, sadyang hindi ako maaaring tumigil dito, sadyang kailangan kong kunin ito. Tignan n'yo. Ano ang unang nakita nila? Dinala nila si Jesus sa bundok—o iniakyat Niya sila, at Siya ay nagbagong-anyo sa kanilang harapan, nabago. Nagliwanag ang Kaniyang damit tulad sa araw sa katanghaliang tapat, at nagpakita sa Kaniya sina Moises at Elias. Sa ano'ng anyo darating ngayon ang Anak ng tao? At ang unang magpapakita ay sina Moises at Elias.

125 Ngayon, pansinin n'yo, bago bumalik si Jesus sa lupa . . . Ngayon, medyo napaaga ito, ngunit ang Espiritu ni Elias ay magbabalik sa lupa at isasauli ang mga puso ng mga anak sa mga magulang. Ito ang

sabi ng Biblia. Nakita siya dito ni Jesus; nakita siya rito ng mga apostol, ang kaayusan ng pagdating ng niluwalhating Anak ng tao. Siya ay luluwalhatiin at magbabalik. Una, bago nila Siya nakita, ay ano? Si Elias. At pagkatapos ay sino naman? Si Moises; magbabalik doon ang Israel, ang mga tagasunod ng kautusan, at pagkatapos ay ang niluwalhating Anak ng tao. Alleluia. Nakikita n'yo ang pagkakasunodsunod ng Kaniyang pagdating? Ang Espiritu ni Elias, o ang saksi ng huling kapanahunan ng iglesia (Kita n'yo?), ay darating na may kapangyarihan upang ihayag Siya.

126 At matitipon ang sandaan at apatnapu't apat na libong mga Judio sa Bundok Sinai . . . Kung saan ang Israel ay naging isa nang bansa, ang pinakamatandang bansa sa mundo, ang pinakamatandang bandila sa mundo: may sarili nang bansa, sariling bandila, sariling hukbong sandatahan, sariling pananalapi, at lahat na. Sila ay isa sa mga miyembro ng liga ng mga bansa, sapagkat sila'y isa nang bansa. Sinabi ni Jesus na hindi sila maitataboy hanggang sa matupad ang lahat ng bagay. 244 Mahiwaga kung papaanong ang bungkos na iyon ng mga Judio, na inusig sa lahat ng dako, at itinaboy, at pinalayas, tulad ng iglesia sa buong kapanahunang ito ng pagkatakwil, ngunit sinabi ni Jesus, "Kapag nakita

n'yong nagsusupling na ng dahon ang puno ng igos (nagbabalik na ang bansang iyon upang maging isa muling bansa), ang panahon ay nalalapit na, nasa pintuan na nga. Katotohang sinasabi Ko sa inyo, hindi lilipas ang lahing ito nang hindi natutupad ang lahat ng mga bagay na ito." Ang pagkagipit na ito . . . Ang bayang ito ay hindi maglalaho. Sinubukan silang patayin ni Hitler; sinubukan silang patayin ni Mussolini; sinubukan silang patayin ni Stalin, at lahat ng iba pa, ngunit hindi sila madurungisan o maglalaho sa lupa; sila'y magiging isang bayan at isang bansang nakatayo ro'n. Amen. 245 May darating na Moise at Elias. Oh. Umaasa akong nakukuha n'yo.

127 Tama. "Araw na sumisikat nang matindi," nabago, nagbago ng anyo ang Kaniyang mukha. Ngayon, isa pa, sa Apocalipsis 21:23, kung nais n'yong isulat, sa Bagong Jerusalem (21:23), Siya ang Corderong nasa bayan na nagsisilbing Ilaw na nagliliwanag doon; sapagkat hindi nila kailangan ang liwanag sa bayanng iyon; hindi sisikat ang araw doon, sapagakat ang Cordero na nasa gitna ng bayan ang magiging Ilaw niyon. At ang mga bansang naligtas ay lalakad sa Liwanag ng Cordero. Amen. Siya ang Liwanag ng Cordero. Oh, hindi n'yo ba iyon ikinasisiya? 247 Hindi lang iyon, Siya rin sa Kaniyang pagdating (Nakita Siya ni Juan sa araw ng Panginoon.), ang Araw ng katuwiran. Pumunta tayo sa Malakias, Malakias, ang huling propeta ng Lumang Tipan, ika-4 na kabanata ng Malakias.

128 May ikukuwento ako tungkol sa mahal kong maybahay na nkaaupo doon sa likuran. Pinahirapan ko siya bago kami ikinasal; sinikap kong makabawi pagkatapos naming maikasal. At hindi ko alam noon kung gusto ko pang mag-asawa uli o hindi na, kaya't lubos siyang nalungkot. At naisip kong napakabuti niyang babae kaya't nararapat lang na bigyan ng kalayaan, hayaang mapakasalan ng isang lalaking mag-aalaga sa kaniya. Naisip kong hindi ako karapat-dapat; at hindi naman talaga ako karapatdapat sa kaniyang kabaitan. Kaya't lubos siyang nalungkot at di niya alam kung ano'ng gagawin. Maraming taon na ang nakalilipas nang mangyari ito, mga dalawampung taon na. Labis ang kaniyang kalungkutan na nag-iiiyak siya araw at gabi. At sinisikap kong malayo sa kaniya, di dahil sa hindi ko siya mahal, ngunit ito'y dahil sa ayaw kong agawin ang kaniyang panahon; sapagkat, hinahayaan ko siyang makakita ng kung sino, ng isang mabuting tao, sapagkat napakabuti niyang babae para pabayaan siyang magkagayon, at makisama ako sa kaniya at iba pa. At naisip kong mahal niya ako, at alam kong mahal ko siya. Kaya't nag-isip ako, "Buweno, susubukan kong . . . Makikipag-date ako sa ibang babae, at lalabas kami, at pasasamain ko ang loob niya sa akin. Muntik na siyang mamatay dahil sa akin; kinamuhian ko iyon nang husto matapos kong

gawin; labis siyang nasawi. Sinabihan ko siya. Ang sabi ko, "Napakabuti mong babae. Ayaw kong agawin ng ganu'n ang iyong panahon." At ang sabi niya, "Ngunit sadyang mahal kita, Bill, at ikaw lang ang maaari kong mahalin." Sabi pa niya, "Dati pa kita mahal." 250 Ang sabi ko, pinahahalagahan ko iyon. Ngunit ang sabi ko, "Alam mo," ika ko, "isa akong ermitanyo." Ang sabi ko pa, "Mamumuhay na lang akong tulad sa isang ermitanyo. Nauunawaan mo ba, hinding-hindi na ako magaasawa."

129 At handang-handa na siya tungkol dito, alam n'yo na, kawawa naman. At nagtungo siya sa silungan. At pagpunta niya ro'n, lumuhod siya at sinabi niya, "Panginoon, hindi ko alam kung ano'ng gagawin ko. Ayaw Kitang suwayin, ngunit mahal ko si Bill. At hindi ko alam kung ano'ng dapat kong gawin. Panginoon, maaari bang pagkalooban Mo ako ng kaunting konsolasyon? Maaari bang tulungan Mo ako nang kaunti? Hindi ko pa ito hiniling sa Iyo sa tanang buhay ko, Panginoon, at sana ay hindi ko na muling kailanganing hilingin sa Iyo," ang sabi niya, "ngunit kung mamarapatin Mong tulungan ako, hayaan Mong buklatin ko ang Bibliang ito, at bigyan Mo ako ng isang Kasulatan. May mga taong nagsabi sa'kin na ginawa Mo ang gayon." At nang buksan niya ang Biblia, iyon ay nasa Malakias 4. Narito, aking ibibigay sa iyo . . . o susuguin sa iyo si Elias na propeta bago dumating ang . . . kakilakilabot na araw ng Panginoon. 252 Ang sabi niya, "Nagtindig ako ro'n nang kuntentong-kuntento na kami nga ay maikakasal." Kita n'yo? Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami: at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na anopa't hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man. Nguni't sa inyo na nangatatakot sa aking pangalan ay sisikat . . . ang Araw . . . (S-u-n) . . .

Araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak; . . .

130 "Ang araw na sumisikat nang matindi . . ." Oh. Ang lakas ng Anak ng Diyos ay sumisikat sa ating kalagitnaan ngayong gabi, nakatayo sa gitna ng pitong kandelerong ginto sa Kaniyang pitong luping Personahe bilang isang Hukom: bilang Isang nagbata at namatay para sa atin, at umako ng Makalangit na paghatol sa Kaniyang Sarili, at nilakaran ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng Diyos. Sa makasalanan Siya'y isang kakila-kilabot na talon, at mistula siyang isang inaanod na kaluluwa sa karagatan ng buhay. At sa iglesia, isa

naman Siyang magiliw na Tagapagligtas, nakaangkla sa kapahingahan, at naririnig ang lumalagaslas na batis habang ikaw ay nakahiga at nagpapahinga na may ganap na kasiyahan kay Cristo. Napakadakilang panahon. Sinisikatan Niya tayo ng Kaniyang mainit na mga sinag, "Huwag kayong matakot, Ako Yaong nakaraan, ang kasalukuyan, at ang darating. Ako ang Makapangyarihan sa lahat; maliban sa Akin ay wala nang iba pa. Ako ang Alpa at ang Omega. At paiinumin Ko ang nauuhaw sa bukal ng tubig ng Buhay nang walang bayad." Oh, napakadakilang pangako at napakadakilang pag-iibigan. At ang Cordero ay nasa kalagitnaan ng bayan na hindi nangangailangan ng liwanag, at Siya ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa Kaniyang mga pakpak. He's the Lily of the Valley, The Bright and Morning Star, He's the fairest of ten thousands to my soul. (Siya nga.) In sorrow He's my comfort, in trouble He's my stay, He tells me every care on Him to roll. Hallelujah. He's the Lily of the Valley, The Bright and Morning Star, He's the fairest of ten thousands to my soul.

131 Opo. Oh, ang dakilang Tala sa Umaga, ang pagsikat Nito ay humuhudyat na paparating na ang araw, nagbabalita, nagsasabing, "Malapit nang magbukang-liwayway; ang Araw ay papalapit na," at Siya ay lalantad mula sa likuran ng lahat ng iba pang mga tala (ay, naku) na may kagalingan sa Kaniyang mga pakpak. 255 Ngayon, bumalik tayo sa ating mensahe. At tayo'y magtatapos na, upang makapaghanda para bukas ng gabi, sapagkat alas otso kuwarenta'y singko na, at ayaw natin pagtagalin nang husto ang sinuman, upang makaparito tayo.

132 Tama, "ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa Kaniyang mga pakpak . . ." Ngayon, ang Kaniyang mukha. Isa Siyang Hukom, o isang bagay pa ito upang ipakita na siya ay nasa araw ng Panginoon. Naniniwala ba kayo ro'n? Napunta siya sa araw ng Panginoon at nakita niya ang Panginoon bilang isang Hukom; hindi bilang isang saserdote, hindi bilang isang hari, kundi bilang isang Hukom. Siya ang Hukom. Hindi ba kayo naniniwala ro'n? Sinasabi ng Biblia na Siya ang Hukom. At narito Siya at bihis na bihis bilang isang Hukom, ipinakikita kung ano ang ginawa Niya, kung ano Siya dati, kung ano Siya sa makasalanan, kung ano Siya sa Cristiano. At nakatayo Siya

ngayon dito na may tinig ng maraming tubig, at ang Kaniyang mukha ay tulad sa araw na sumisikat nang matindi.

133 Ngayon, ang mga resulta, sa ika-16 na talata. "At . . ." Hindi pala, pagpaumanhinan n'yo ako, sa ika-17 talata pala. At nang siya'y aking makita, ay nasubasob akong waring patay sa kaniyang paanan . . . 258 Naku. Hindi na matagalan ng propeta na makita ang gayong pangitain. Sadyang nasaid ang kaniyang lakas, at nasubasob siya sa Kaniyang paanan na parang patay. Ngayon, masdan n'yo. At ipinatong niya sa akin ang kaniyang kanang kamay, na sinasabi, Huwag kang matakot; ako'y ang una at ang huli: 259 Ay, naku. Hindi isang propeta; Diyos. "Ako ang Una at ang Huli. Ako ang umpisa ng Apocalipsis at ang dulo ng Apocalipsis. Ako Yaong nakaraan; Ako Yaong kasalakuyan; Ako Yaong darating." Tignan natin. Ako ang . . . Ako . . . At ipinatong niya sa akin ang kaniyang kamay, na sinasabi, Huwag kang matakot; ako'y ang una at ang huli: At ang Nabubuhay, at ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man, . . . (Sa mga sandaling ito) . . . (At siya ay sumigaw) . . . Amen; at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.

134 Huwag kayong matakot. Bakit tayo matatakot? Bakit mabibigo ang iglesia na tuparing ang Kaniyang— na isipin ang Kaniyang Salita? Huminto tayo rito sandali, sapagkat magtatapos na tayo. Bakit matatakot ang iglesiang ito? Ano ang Kaniyang ipinangako na hindi Niya ipinamalas sa ating harapan? Bakit n'yo katatakutan ang isang kaparusahan o ang kabilang buhay, "Huwag kayong matakot. Ako ang nakaraan, ang kasalukuyan, at ang darating. Ako ang Una at ang Huli. Nandito sa Akin ang mga susi ng hades at kamatayan." Bakit? "Nagtagumpay Ako at nagapi Ko kapuwa ang hades at ang kamatayan (Iyon ay ang libingan at hades; ang kamatayan mismo, ang hades mismo.) para sa inyo. Napagtagumpayan Ko ang lahat ng iyon. Napagtagumpayan Ko ang hades, kamatayan, at libingan." Nang narito Siya sa ibabaw ng lupa, Siya ang tanging . . .

135 Maraming tao ang humayo upang manlupig. Alam n'yo ba iyon? Humayo si Napoleon upang lupigin ang daigdig, at nagawa niya iyon sae edad na trenta'y tres. Nang siya ay disisiyete hanggang bente singko, si Napoleon ay isang prohibisyonista, hindi siya naniniwala sa pag-inom ng alak o anuman. Nagtungo siya sa Pransiya (Hindi siya isang Pranses; galing siya sa isang isla;

nagpunta siya ro'n upang makaganti sa Pransiya, dahil namumuhi siya ro'n, hindi niya gusto ang Pransiya.). Ngunit siya ay nagapi. At humayo siya at nagapi niya ang Pransiya, at kinubkob niya ang mga

Pranses at nalupig niya ang buong mundo. At nang siya ay trenta'y tres anyos na, naupo siya at umiyak sapagkat wala na siyang ibang malupig, at siya'y namatay na isang lasenggo, talunan. Ni hindi niya malupig ang kaniyang sarili. Kita n'yo? At nasumpungan niya ang kaniyang huling pagkatalo sa Waterloo; nakatagpo niya ang kaniyang katapusan sa Waterloo. Nakapunta na ako roon at nakita ko ang matatandang palatandaan, mga relic at iba pang mga bagay na naroroon, nung siya ay maparoon sa lupaing iyon. Ngayon, tignan natin ang manlulupig na iyon; nagsimula siya bilang isang binata at kumampi siya sa maling panig sa kaniyang panlulupig, at kahiya-hiya ang naging pagkamatay niya.

136 Ngunit may isa pang Binata na dumating minsan sa mundo; namatay Siya sa edad na trenta'y tres at nilupig Niya ang lahat ng maaaring lupigin. Nang Siya ay nasa ibabaw ng lupa nilupig Niya ang mga pagkahaling, ang pagmamataas; nilupig Niya ang karamdaman; nilupig Niya ang mga demonyo. Nang mamatay Siya, nilupig Niya ang kamatayan. Nang magbangon Siya, nilupig Niya ang hades. Umakyat Siya at nilupig lahat ng laban sa sangkatauhan at . . . ? . . . ang ubas—pisaan ng ubas ng Diyos at ito'y Kaniyang dinurog at nilupig Niya ang kamatayan, hades, libingan, karamdaman, mga pormalidad, at lahat na, at pinagtagumpayan Niya ang lahat ng ito, at Siya'y nagbangon sa ikatlong araw, at nilupig Niya ang buong himpapawid sa itaas, at nilagos Niya ang ulap sa pagitan ng Diyos at tao, at pinagkunekta ang langit at lupa. Luwalhati. Ay, naku. Whew. 263 Hayun Siya na nakatayo bilang Makapangyarihang Manlulupig mula nang hapakin Niya ang tabing; hayun Siya. "Nakasabit sa Aking tagiliran ang mga susi ng kamatayan at hades, huwag kayong matakot." Ipinatong Niya ang Kaniyang kanang kamay (Kaniyang kapangyarihan) sa kaniya, at itinaas siya sa pamamagita ng kapangyarihan ng Kaniyang kanang kamay, na ang sabi, "Huwag kang matakot; Ako ang nakaraan, at Ako ang kasalakuyan, at ang darating. Ako ang Una at ang Huli. Ako ang nabuhay, at namatay, at nabubuhay kailanpaman. Amen." Oh. Lo! Behold the mighty conqueror, Lo! Behold Him in plain view, There He stands, the mighty conqueror, Since He rent the veil in two.

137 Amen. Tinagpas Niya ang bawat sagabal sa sangkatauhan, upang sila'y magkaugnay-ugnay tulad sa halamanan ng Eden. Ngayon, ang tao'y . . . Pipigilin ko sana, ngunit sasabihin ko na rin. Ang tao ay makapangyayari-salahat (omnipotent). Hindi n'yo pinaniniwalaan iyon, ngunit ganu'n nga siya. Ang taong lubos na nakasuko sa Diyos ay makapangyayari-sa-lahat (omnipotent). Hindi ba't sinabi Niya sa Marcos 11:22, "Anumang sabihin mo at hindi ka mag-alinlangan sa iyong puso, ito'y magaganap. Mapapasa iyo ang iyong sinabi"? 265 Ano'ng mangyayari kapag ang dalawang makapangyayari-sa-lahat ay nagtagpo? Kapag ang Diyos at ang tao ay nagsama sa pamamagitan ng kapangyarihang makapangyayari sa lahat (omnipotence), mayroon at mayroong mauuga. Ilang . . . Anuman ang sabihin mo na may lakip na kapangyarihang lumikha ng omnipotence ng Diyos, at alam mong ipinangako Niya ito, at sinabi Niya sa Kaniyang Salita, nakalilikha ito ng kapangyarihan na humahayo at nakapangyayari ng mga bagay-bagay; ang mga bagay na wala pa, ay ginagawang tila naririto na, sapagkat ang dalawang makapangyayari-salahat (omnipotent) ay nagtagpo. Hayun Siya at nakatayo. Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya.

138 Tignan natin kung may ilan pa tayong mabubuting bagay. Iyon ang ika-18 talata, ngayon ang ika-19 na talata naman. Si Juan . . . Ano'ng nangyari? Nang makita niya ang Kaniyang mukha, ang resulta, napasubasob siya sa Kaniyang paanan; sadyang hindi na niya matagalan; nasaid ang kaniyang makataong buhay; sadyang hindi na niya kaya. Isa Siyang Manlulupig; nagtagumpay na Siya. 267 Ngayon, Siya ay nag-utos, at uumpisahan na nating tapusin ang kabanatang ito, sa ika-19 na talata. Isulat mo nga ang mga bagay na nakita mo, at ang mga bagay ngayon, at ang mga bagay na mangyayari sa darating; 268 Natalakay na natin ang ika-20 talata: Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, . . . ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia.

139 Oh, makapatid-hininga ito, kaibigan. Nakikita natin Siyang nakatayo roon sa kasukdulan ng Kaniyang Pagkadiyos. Siya ang Hukom, ang Saserdote, ang Hari, ang Agila, ang Cordero, ang Leon, ang Alpa, ang Omega, ang Ama, Anak, Espiritu Santo; Siya ang nakaraan, ang kasalakuyan, at ang darating. Nilakaran Niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng Diyos, at tinugunan Niya ang lahat ng bagay, hanggang masabi ng Diyos sa krus . . . Nang Siya ay

magbangon, ang sabi Niya, "Naganap na." Lubusan Niyang nalugod ang Diyos, hanggang ang Espiritung nag-iwan sa Kaniya ay nagbalik sa Pasko ng Pagkabuhay at dinampot Siya at ibinangong muli para tayo'y maaring-ganap. 270 Tumingala si Juan at nakita niya Siyang nakatayo ro'n na may mga paang tanso, mga matang parang ningas ng apoy na nagpaparoo't parito sa buong lupa. Nakita Siya ni Daniel pitong daang taon bago pa iyon maganap sa kaparehong posisyon, iisang uri, iisang Lalaki na nakatayo ro'n, ang Matanda sa mga araw, at Isang tulad ng Anak ng tao na nakipag-isa sa Kaniya, at ang lahat ng paghuhukom ay pinagkatiwala sa Kaniya, nakatayo Siya sa paghuhukom ng puting luklukan. 271 Sa pagkakita natin ng mga bagay na ito, ano'ng uri ng mga tao ang dapat na kalabasan natin, mga kaibigan? Pagpalain nawa kayo ng Diyos ang aking panalangin. Kita n'yo? Mahal n'yo ba Siya? Sinasampalatayanan n'yo ba Siya? Inangkla n'yo na ba ang inyong kaluluwa sa Kaniya?

140 Magsiyuko tayo sandali. Malumanay na malumanay, habang banayad nating inaawit ang, "I've Anchored My Soul In The Haven Of Rest." "Hindi ko maririnig ang dumadagundong na talon na iyon upang

itaboy ang aking kaluluwa, bagkus Ito'y mangungusap ng matamis na kapayapaan sa aking kaluluwa." Buong lumanay, at buong galang, tayong lahat . . . I've anchored my soul in a haven of rest, I'll sail the wild sea no more; The tempest may sweep o'er the wild, stormy deep, In Jesus I'm safe evermore. I've anchored my soul in a haven of rest, I'll sail the wild sea no more; The tempest may sweep o'er the wild, stormy deep, In Jesus I'm safe evermore. Shine on me, (Itulot Mo po ang mga sinag ng kaluwalhatian, Panginoon.) Lord, shine on me, Let the Light from the lighthouse shine on me; O shine on me, Lord, shine on me, (Itaas natin ang ating mga kamay sa Kaniya.) Let the Light from the lighthouse shine on me. To be like Jesus, (Opo, Panginoon.) to be like Jesus, On earth I long to be like Him;

All through life's journey from earth to glory, I only ask to be like Him. 273 [Nagsimulang humimig si Brother Branham—Ed.] O wondrous Saviour, On earth I long to be like Him; All through life's journey from earth to glory...

141 Nais n'yo bang mamuhay ang Kaniyang Buhay sa inyo, na nagsasalamin ng Kaniyang Presensiya? Kung nais n'yo, at hindi n'yo pa ito natatanggap, maaari bang tumayo kayo para sa panalangin, ang mga nagnanais na maalala sa panalangin? Pagpalain kayo ng Diyos. From Bethlehem's manger... (Manatili lang kayong nakatayo ngayon, manatili lang kayo.)... came forth a Stranger, (Magiging estranghero kayo sa sanlibutan.) On earth I long to be like Him; All through life's journey from earth to glory, I only ask to be like Him. Just to be like Jesus, to be like Jesus, (Iyan ang aking pagnanasa.) On earth I long just to be like Him; All through life's journey from earth to glory, I only ask to be like Him. [Nagsimulang humimig si Brother Branham—Ed.] ... lowly, humble and lowly...

142 Ngayon, makalangit na Ama, marami ang nakatayo na nagnanasang tumanggap sa Iyo. Pagod na po sila sa pagpapaanud-anod, nang hindi nalalaman kung saan sila tutungo, sa alon ng buhay; at alam nilang marahil bago sumikat ang araw ay tumigil sa pagpintig ang kanilang puso, at ang dakilang talon ay bumubulusok sa kanilang harapan, bilang mga inaanod na kaluluwa. Sila'y naging kung ano sila dati; naging tulad sila ng sanlibutan; ngunit nais nilang maging tulad Mo ngayon, Panginoon. Tanggapin Mo sila sa Iyong Kaharian; sila ay sa Iyo, Ama, sapagkat kilala Mo ang kanilang mga puso at ang mga haka ng mga ito. Isinulat Mo, at binigkas ng Iyong mga labi na, "Ang dumirinig ng Aking mga salita, at sumasampalataya sa nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan." Sinabi Mo rin, Panginoon, "Mapalad ang bumabasa at dumirinig ng mga salita ng hula ng Aklat na ito, sapagkat ang oras ay nalalapit na."

Napagtatanto nilang malapit na ang oras. Hindi sila maari pang magpaanudanod, Panginoon. Ihagis Mo po ang lubid ng buhay; hilahin Mo sila sa Iyong Sarili, Panginoon. Nawa'y humayo sila mula sa gabing ito, na nagsasalamin ng Liwanag ni Jesus Cristo. Ipinagtitiwala ko sila sa Iyo, Amang Diyos, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Buong pagpapakumbaba nawa silang sumunod sa Panginoon sa pagpapabautismo dito sa simbahan; ilukob Mo po ang Iyong Espiritu Santo sa kanilang buhay upang magawa nilang maging tulad ni Jesus sa nalalabing mga araw nila. Hinihilin namin ito sa Kaniyang Pangalan.

143 Just to be like Jesus, to be like . . . Kayong mga nakatayo na malapit o nakaupo na malapit sa mga taong iyan, na mga Cristiano, abutin n'yo sila at hawakan n'yo ang kanilang kamay at kamayan n'yo sila. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa kanila; purihin n'yo ang Diyos dahil sa kanilang kaluluwa. Punung-puno ang altar natin dito ng mga bata at iba pa; hindi natin sila mapalapit dito. ... through life's journey from earth to glory, I only ask to be like Him. Shine on me, O shine on me, Let the Light from the lighthouse shine on me; O shine on me, Lord, shine on me Oh, let the Light from the lighthouse shine on me.

144 Tunay bang maigi ang inyong pakiramdam? Hindi ba maganda ang inyong pakiramdam? Hindi ba kayo masaya na kayo'y mga Cristiano? Makipagkamay kayo sa nakaupo sa inyong tabi, habang inaaawit natin ang isang himno, "We'll Walk In The Light," ang magandang Liwanag na ito, ang Liwanag ng Panginoong Jesus Cristo na naipapamalas sa laman. We'll walk in the Light, such a beautiful Light, Come where the dewdrops of mercy are bright; Shine all around us by day and by night, O Jesus, the Light of the world. Umawit ang bawat isa: We'll walk in this Light, It's a beautiful Light,

Come where the dewdrops of mercy are bright; Shine all around us by day and by night, Jesus, the Light of the world. Come all ye saints of Light proclaim Jesus, the Light of the world; Then the bells of heaven will ring, O Jesus, the Light of the world. (Itaas n'yo ang inyong kamay.) We'll walk in the Light, beautiful Light, Come where the dewdrops of mercy are bright; Shine all around us by day and by night, Jesus, the Light of the world. We'll keep walking in this Light, It's such a beautiful Light, It comes where the dewdrops of mercy shines bright; Just shine all around us by day and by night, Jesus, He's the Light of the world. We'll walk in this Light (Liwanag ng Ebanghelyo), beautiful Light, Comes where the dewdrops of mercy are bright; Shine all around us by day and by night, Jesus, the Light of the world.

145 Nu'ng pasimula, sa Pentecostes, nang bumuhos ang Espiritu Santo sa iglesia . . . Ang Mensahe ay humantong sa Smirna; naroon si Ireneo, ang dakilang banal ng Diyos, nagsasalita ng iba't ibang wika, taglay ang kapangyarihan ng Diyos, bumubuhay ng mga patay, nagpapagaling ng mga may sakit; siya ay

lumalakad sa Liwanag. Pagkatapos niya ay dumating si Columba, ang dakila't makapangyarihang banal ng Diyos. Marami sa iba pang mga dakilang banal ang nagdala ng mensahe sa paglaon ng panahon, lumalakad sa Liwanag, sa Liwanag ng Ebanghelyo, na siya ring Liwanag na sumilay sa araw ng Pentecostes; nakatayo si Cristo sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan, sa pitong kandelerong ginto na ipinapaaninag ang Kaniyang ningning tulad ng araw sa katanghaliang-tapat. Narito na tayo sa 1961. 281 We're walk in this Light, It's such a beautiful Light,

It comes where the dewdrops of mercies are bright; O shine all around us by day and by night, O Jesus, the Light of the world. 282 Tayo'y magsitayo: We'll keep walking in this Light, It's such a beautiful Light, It comes where the dewdrops of mercy are bright; Shine all around us by day and by night, Jesus, the Light of the world. 283 Mahal n'yo ba Siya? I love Him, I love Him Because (mangyari) He first loved me And purchased my salvation On Calvary's tree.

146 Hindi na ako muling babaling sa mga bagay ng sanlibutan, ako ay patay na sa sanlibutan at ang sanlibutan ay patay na sa akin. Kay Cristo na lamang ako lumalakad, pinangungunahan ng Espiritu Santo. Mahal ko Siya sapagkat mahal Niya ako, at pinasilay Niya ang Kaniyang mga pagpapala sa akin, ibinigay Niya sa akin ang kanang kamay ng pakikisama papasok sa Kaniyang Kaharian. Ngayon, tayo ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo sa wakas; ngunit nalalaman nating magkakaroon tayo ng isang katawang tulad sa Kaniyang maluwalhating katawan, sapagkat makikita natin Siyang gaya ng Kaniyang Sarili. Then we'll be walking in the Light, a beautiful Light, That comes where the dewdrops of mercies are bright; Shine all around us by day and by night, Jesus, the Light of the world.

147 Mahal n'yo ba Siya? Alam n'yo, pagkatapos ng mensaheng matalas at lahat na, gusto kong marinig ang mga taong pumapasok sa mga himno at sumasamba at umaaawit sa Espiritu. Wala nang mas gaganda pa kaysa sa mainam at makalumang pag-aawitang Pentecostal; hindi tulad ng mga labis na sinanay na mga boses na tumitili hanggang sa mangasul na ang kanilang mukha, at hindi nalalaman ang kanilang kinakanta. Gusto ko ng isang tao, na

marahil ay sintunado, ngunit may taglay siyang pagpapalang Pentecostal, at ngayon ay inaawit niya ito. Oh, napakaluwalhati ng mga malamyos na awiting iyon tungkol sa krus. Ay, naku.

148 Ang ating pangtapos na awitin: Take the Name of Jesus with you, Child of sorrow and of woe; It will joy and comfort give you, Take it everywhere you go. 287 Bukas ng gabi sa ganap na alas siyete, impunto alas siyete ay magsisimula ang gawain. At the Name of Jesus bowing, Falling prostrate at His feet, King of kings in heaven we'll crown Him, When our journey is complete. 288 Magsiawit tayong lahat ngayon. Take the Name of Jesus with you, Child of sorrow and of woe; It will joy and comfort give you, Oh, take it everywhere you go. Precious Name, O how sweet! Hope of earth and joy of heaven; Precious Name, O how sweet! (Napakatamis!) Hope of earth and joy of heaven.

149 Ngayon, natapos natin ngayong gabi ang . . . Katatanong lang sa akinkung magkakaroon ng gawain bukas ng umaga? Hindi, hindi bukas,magpahinga kayo nang mainam bukas. Marahil bukas ng gabi ay hindi komatatapos ang mensahe, kaya't itutuloy ko na lang kinabukasan. Sa tuwing diko natatapos ang mensahe, itinutuloy ko kinabukasan. Ngunit naitakda nanatin ito. Naniniwala akong handang-handa na kayo para sa mga kapanahunanng iglesia. Hindi ba? Sige.290 Magsiyuko tayo ngayon habang umaawit tayo nang malumanay.At the Name of Jesus... (Bawat dila ay maghahayag nito.)At the name of Jesus bowing,

(Every tongue shall confess it,)

Falling prostrate at his feet,

King of kings in heaven we'll crown Him,

When our journey is complete.

Precious name, O how sweet!

Hope of earth and joy of Heaven;

Precious name, O how sweet, how sweet!

Hope of earth and joy of heaven.

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7